Tagalog
58-0928E

Binhi ng Serpente

The Serpent's Seed

September 28, 1958
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni

William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Binhi ng Serpente

Panalangin…gaya ng naituro sa atin ng banal na Salita, na may pakikisama na tayo sa Kaniya bago pa itatag ang sanlibutan, nang mag-awitan ang mga tala sa umaga, at ang mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa galak—bago pa itatag ang sanlibutan. Paano nating malalaman na hindi rin iyon ang pagkakataon kung kailan ay pinaslang ang Korderong iyon; na ang Diyos, sa kaniyang dakilang kaisipan, nakita Niya tayong nagsisigawan at nagbubunyi sa ating kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus?

2 Sa gabing ito ay nananamnam pa lang natin ang dakilang banal na kaluwalhatian na maihahayag sa Kaniyang ikalawang pagparito. Lahat ng karamdaman at kalungkutan ay mapapawi na, at magkakaroon tayo ng isang katawang tulad sa Kaniyang maluwalhating katawan, sapagkat makikita natin Siya kung ano Siya. Habang tinitingnan natin dito ang ating mga kamay na nangungulobot, at mga buhok natin na namumuti, at mga balikat natin na humuhukot; alam nating tayo'ymga mortal at patungo na tayo sa alabok kung saan tayo nakatungo ngayon, at kung saan tayo nanggaling. Ngunit Panginoong Diyos, kung gaano katiyak na Ikaw ay Diyos, nangako Ka na muli kaming babangon sa huling mga araw, at sinasampalatayanan naming ito.

3 Buong kataimtiman kaming nakatayong may pananampalataya ngayong gabi sa Iyong presensya, dumudulog kaming may katapangan sapagkat iniutos ito ni Jesus sa amin. Hindi dahil sa anumang mabuting gawang nagawa naming, sapagkat wala kaming nagawang tama; datapuwat buong pagpapakumbaba kaming dumudulog, inaangking nasa amin ang kayamanang ito, dahil sa biyaya Niya na inilaan para sa amin. Kaya't naparito kami upang hilingin sa Iyo na pagpalain Mo kami ngayong gabi sa paglalahad ng Salita. Sapagkat nasusulat, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

4 Nawa'y ang bibig ng Diyos ang mangusap ngayon. Nawa'y lumabas ang mga Salita, at nawa'y tumimo ito sa puso ng mga tagapakinig, at mapuspos nawa kami ng Iyong Espiritu at iyong presensya. Sapagkat hiling naming ito sa ngalan ni Jesus. Amen.

5 Kagabi at sa araw na ito ay nangusangusap tayo tungkol sa paksang, una bilang pasimula, "Bakit Hindi Tayo Denominasyon," at medyo idiniin natin ng husto kung bakit hindi tayo denominasyon—, at kung bakit hindi tayo naniniwala sa mga denominasyon — sapagkat makikita natin sa Biblia na ang denominasyon ay hindi itinalaga ng Diyos. Itinalaga iyan ng Diablo—

At pinatunayan natin iyan sa pamamagitan ng Biblia. At kung paanong sa pamamagitan ng denominasyon, ito ay nagbubunga ng pagkakamali. Ngayon, sinasabi natin ito upang iwasto at upang dalhin ang Tabernakulong ito sa isang pakikisama sa banal na Salita ng Diyos. Upang ang pag-asa natin ay hindi masalig sa kung ano ang sinasabi ng denominasyon, o kung ano ang sinasabi ng sinumang tao, nakasalig ito sa kung ano ang sinasabi ng Panginoong Diyos. Iyan lang ang paraan upang maituwid tayo.

6 Sa umagang ito, wari ko'y mayroon akong limang iba't-ibang sulatin galing sa denominasyon na talagang hindi ipinagusap ng Biblia, na niyuyurakan ng iglesiang Protestante—nagtuturo bilang pinaka-aral na katulad ng iglesiang Catolico. At lumabas ito tungo sa iglesiang Protestante, at niyuyurakan din natin ito, at ito'y salungat saan mang bahagi ng Salita ng Diyos.

7 Ang makadenominasyong iglesia…Tiningnan natin ito kaninang hapon sa kasaysayan ng iglesiang Nicea na inilahad ng Nicene fathers. Nang mamatay ang mga apostol, nagsidating naman ang Nicene fathers, at nagpatuloy sila ng maraming taon (tatlong daan at dalawampu't limang taon) at nang huili ay humantong iyon sa Nicea, Francia, kung saan nila idinaos ang dakilang konseho ng Nicea. At doon nila binuo ang mga dogmang pinanghahawakan ng Simbahang Catoliko ngayon, at pinasa nila iyon sa mga Protestante.

8 Gaya ng sinabi ko sa pagtuturo kaninang umaga, bawat isa sa mga iglesiang iyon hanggang sa panahon ng iglesia ng Tesalonika—ang isang libo't limang daang taon ng *dark ages*— ang lagi Niyang sinasabi ay, "Nasa inyo pa rin ng Aking pangalan." At sa kabilang panig na ito, hindi na sila tinatawag sa ngalan ni Cristo at naglabasan ang mga makadenominasyong pangalan — "Catolico", at "Lutherean", "Wesley", "Baptist", Presbyterian", Pentecostal, at iba pa. Ngunit bago magtapos ang kapanahunan ay sinabi Niya, "Naglagay Ako sa inyong harapan ng isang pintong bukas." At iyan ang kapanahunang sa paniwala natin ngayon, ang *kapanahunan ng pintong bukas*, sa pagitan ng huling paglabas ng iglesiang Laodicea.

9 Tamang-tama tatlong daan at dalawampu't limang taon hanggang sa konsehong Laodicea. Doon nila ipinatupad ang mga pamamaraang ito gaya ng pagwiwisik, pagbubuhos, mga bulaang bautismo, mga bulaang espiritu santo, at lahat ng iba pang bagay na ito. Ipinatutupad nila iyon. Nang si Luther, na isang pari, ay lumabas sa Simbahang Catolico, dala pa rin niya ang mga bagay na ito. Mula roon ay dumating si Zwingli. Mula kay Zwingli ay dumating si Calvin. Mula kay Calvin ay dumating si Wesley, tuluy-tuloy hanggang sa huli. Patuloy lang nilang ipinapasa ang mga dogmang ito. Paanong maakay

isang sukat ng panahon. 'Pag nagkagano'n na, mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, at ang sinumang may Buhay na Walang Hanggan ay mabubuhay ng pinagpala ng Diyos magpawalang hanggan. Ngunit ang kaluluwang nagkasala, ang kaluluwang iyon ay ano? Mamamatay. Kung gayon ay wala iyong Buhay na Walang Hanggan. May nakalaang kaparusahan doon, at hindi Buhay na Walang Hanggan. Kaya makikita n'yo na marami pang dapat ituro at kukunin natin ito pagdating ng panahon. Pagpalain kayo ng Panginoon.

223 Pagpalain nawa kayo nang lubusan ng Panginoon. Idaraos na natin ngayon ang pagbabautismo. Tama ba Brother Neville? Mayroon bang magpapabautismo rito ngayon? Kahit sino pa kayo. Naririto kami upang magpabautismo. Itaas n'yo ang mga kamay n'yo, yaong mga magpapabautismo. Narito ang isang babae. Mayroon pa bang iba? May mga damit tayo rito kapuwa para sa lalaki at para sa babae.

224 Ngayon hindi natin sinasabing, "Iwan n'yo ang Iglesiang Baptist," o "iwan n'yo ang Iglesiang Metodista." Hindi natin sinasabi na… Mgsibalik kayo sa inyu-inyong iglesia. Ngunit kung hindi pa kayo nababautismuhan ayon sa Kasulatan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus– hindi sa pangalan ni Jesus Cristo, (iyan ang kasulatan!) mali ang pagbabautismo sa inyo.

225 Ayaw kong magkaproblema. Pagdating ko sa ilog, nais kong maging malinaw na malinaw ang lahat hangga't maaari. Hawak ko ang ticket, sapagkat nais kong sumakay pagsapit ng oras na 'yon. Ang payo ko sa inyo ay ganito rin ang gawin n'yo. Magsibalik kayo sa inyong mga iglesia. Kayong dalawa lang ng Diyos ang nag-uusap tungkol dito. Iyan lang ang masasabi ko sa inyo. Ngunit walang sinuman ang nabautismuhan sa ibang paraan sa Kasulatan maliban sa pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. At yaong mga nabautismuhan na ay inutusan ni Pablo na nagsabi, "Kahit pa anghel sa Langit ang bumaba at mangaral ng iba ay masumpa" – inutusan silang magsidulog at muling magpabautismo sa pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Tama, ginawa nga niya iyon. At kung ano ang ginawa niya ay siya naming inutos niyang gawin natin. Iyan ang gagawin natin kung loloobin ng Diyos.

226 Naniniwala tayo sa paghuhugas ng paa. Naniniwala tayo sa Komunyon. Naniniwala tayo sa ikalawang pagparito ni Cristo– ang nakikita at corporal na katawan ng Panginoong Jesus, na muling darating na may kaluwalhatian. Naniniwala tayo sa pisikal na pagkabuhay na muli ng mga nangamatay upang tumanggap ng isang katawan– hindi matanda at kulubot gaya ng anyo natin kapag inilibing tayo, kundi isang bagong katawan, nasa rurok ng kabataan upang mabuhay magpakailan man! Naniniwala tayo sa pagiging mortal ng kaluluwa, walang pasubali. Naniniwala tayong iisa lang ang anyo ng Buhay na Walang Hanggan at iyan ang Buhay na nakamit ninyo kay Jesus Cristo. Tamang-tama…Kaya nga hindi tayo naniniwala sa eternal na kaparusahan. Naniniwala tayo na may impiyerno– sa apoy, sa mga batong nagdiringas– ngunit hindi tayo naniniwalang ito'y magdiringas magpakailan pa man. Kapag nangyari iyon, ang ibig sabihin ay mayroon kang Buhay na Walang Hanggan. Hindi ka maaring masunog magpakailan pa man(forever), ngunit hindi iyon eternal. May kaibahan ang "eternal" at ang "forever". Ang "forever" ay magpakailanman at ang forever(isa itong pangatnig) ay nangangahulugan ng

ng Diyos ang Kaniyang Iglesia, samantalang ang tinatahak nilang daan ay kaiba sa ipinakita Niyang daan upang doon sila akayin?

10 Alalahanin, sa Apocalipsis 17, ay nakita natin ang isang babae…(Ngayon, payak ang mga salitang ito. Nakasulat ang mga ito sa Biblia, kaya sa palagay ko'y maaari kong banggitin ang mga ito.)Ang sabi nito ay patutot daw ang babaeng ito. Ibig sabihin ay pangit ang kaniyang reputasyon; dapat sana'y kasal siya sa isang asawang lalaki at nagkasala siya ng pangangalunya sa sanlibutan. Siya ay isang ina ng mga patutot. Kung gayon ay may mga anak siyang babae. (At iginuhit natin iyon bilang paglalarawan.) Napuntahan ko mismo iyon, nakikita ko iyon sa mga Kasulatan, nakikita ko ang kaniyang mga aral, at lahat na, sa paniwala ko ay malinaw na malinaw ang pagkakalatag ng Panginoon dito na ito'y dili't iba kundi ang Simbahang Catolico. Iyan lang talaga. At ano ang isinilang niya? Ang mga simbahang Protestante. Totoong-tooo nga.

11 At hawak niya sa kaniyang kamay ang saro ng alak ng kaniyang pangangalunya, ibinigay niya iyon sa mga hari sa ibabaw ng lupa, at siya ang namamahala sa sangkalupaan, sa espiritual na pananalita. Tama talaga 'yan.

12 Maari nating balikan ang aklat ni Daniel at dumako tayo sa larawan. Tingnan n'yo ang larawan : ang ulong ginto, ang kaharian ng Babilonia; pilak, Medo-Persia; tanso, Si Alexander the Great, at ang iba pa; (ang kahariang Griego) pagkatapos ang imperyong Romano naman, Silangan at Kanlurang Roma, ang dalawang paa. Pansinin n'yo sa sampung kahariang ito…(Tamang-tama sa pagdating ng sampung sungay na ipinangusap natin kaninang umaga) sa bawat isa sa sampung kahariang magsisilitaw, may bakal at putik na pinaghalo. At ang bakal na iyon ay nagmula sa mga binhi na walang iba kundi ang Roma, at may bahid na Romanismo ang bawat bansang nasa silong ng Langit sa pamamagitan ng Simbahang Catolico. Tama talaga 'yan. Hindi sila makikihalo saan man, at magsisipag-asawahan sila sa isa't-isa. Sinabi ng Bibliang gagawin nila ito, at tingnan niyo sila ngayon.

13 May kasintahang dalagang Catolico ang anak mong binata. Kapag ikinasal sila, kailangang mangako sila na palakihin nilang mga Catolico ang mga anak nila. Kita n'yo, gayon din ang kabila. K ita n'yo, ito'y upang wasakin ang kapangyarihan ng isa't-isa. Ngunit ano ba ito? Ayon sa Biblia, ang kabuuan nito ay isang patutot. Ngayon ano ang gagawin mo? Tama…at kung paanong ang mga kasalanan ng mga tao ay pagbabayaran.

14 Nagbalik tayo sa Deteronomio at ipinakita natin na ang isang anak sa labas, isang bastardo , ay hindi maaring pumasok sa kapisanan ng Panginoon sa loob ng labing apat na salinglahi. Iyon ay sa ilalim ng kautusan, dumating si Cristo upang mas pabigatin ang kautusan. Gaano pa kaya ngayon.

15 Ano'ng nangyayari sa mga babaeng bayaran sa lansangan ngayon —

Ang mga babaeng naninigarilyo, naka-shorts, maiikli ang buhok na mga babaeng bayaran, at iba pa? Ano'ng nangyayari sa kanila? Mangyari ang ina nila ay gano'n din kung umasta noon. Naisalin lang ito mula sa isang salinglahi tungo sa isa pa. Iyon na 'yon. Ano'ng nangyari sa atin ngayon? Umabot na tayo sa punto kung saan ay naging bunton na ito ng maruming kasalanan.

16 Iyan ang dahilan kung bakit ibinangon ng Diyos ang Russia na ngayon ay mayroon nang bomba atomika na maaring lubusang sumira sa kaniya gaya ng naganap sa malaking pagbaha, nang palitawin niya ang ulap. Siyanga, at nakasaad iyan sa Biblia. Ang Russia, ang bansang hindi naniniwala sa Diyos, ay walang pasubaling nagamit ng kamay ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat. Kung paanong winasak ni Haring Nobucodonosor ang Israel dahil hindi sila sumunod sa Diyos, unti-unting bumabangon ang Russia upang ipagtanggol ang dugo ng mga banal na kaniyang binubo. Sinabi ito ng Biblia. Kakailanganin ang kabuuan nito.

17 Kaya't tumingin kayo rito, ang lola nila ay isang singer sa club, at ang ina nila ay isang babaeng bayaran, ano siya ngayon? Isang hubad na mananayaw ng tugtuging Rock n' roll. Ano ang kalalabasan ng mga anak niya? At sasabihin mo, Gagawin ba ng Diyos ang gayon?" Opo! Hinahatulan ng Diyos ang kasalanan ng mga anak. Ang salinglahi. At kung dumating si Cristo upang mas pabigatin ito, sabihin na nating isang daang salinglahi, o limang daang salinglahi. Aba ang sabi Niya… "Narinig n'yong sinabi nila noong unang panahon, 'Huwag kang papatay.' Sinasabi ko sa inyo, 'ang sinumang magalit sa kaniyang kapatid nang walang dahilan ay nagkasala ng pagpatay.' Narinig ninyong sinasabi noong unang panahon, "Huwag makikiapid.' Ngunit sinasabi Ko sa inyo, 'Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may masamang pagnanasa ay nagkasala ng pakikiapid.' Ginawa Niya iyon. Ano'ng ibig sabihin ng pinabigat? Pinalaki ng maraming ulit. At kung sa ilalim ng kautusan ay labing-apat na salinglahi, gaano kaya katagal ang aabutin nito ngayon?

18 At ang mga binata, mga kalalakihang nasa gitnang gulang, at mga lalaking may asawa ay hindi na kumikilala ng sumpaan nila nang sila'y ikasal. Aba, basta na lang silang kukuha ng mga babae at makikisama sa kanila kahit saan, na parang karaniwang aso. Mas may respeto pa at mas may moral pa ang aso kaysa sa taong kilala ko. Alam kong napakatindi niyan, ngunit tama iyan. Bakit?

19 Nagpapatuloy ang mga iglesia at wala silang sinasabing anuman tungkol dito. Bakit? Kung umasta sila ay tulad na rin ng ina nila. Naman ito ng

nananalangin at nag-aabang hanggang sa Makita ko ang Haliging Apoy na nagsisimulang kumilos. Alam ko na handa na Iyon kung magkagayon. Pagkatapos ay aakyat ako sa entablado sa gawaing pagpapagaling upang manalangin, upang gawin ang magagawa ko para sa maysakit at nagbabata.

218 Pinahahalagahan naming ang lahat ng inyong kabutihan, at kung kayo'y dudulog, dumulog kayong may pananampalataya. Umaasa na magiging maganda ang Gawain natin. Nais kong sabihin na is Brother Jefferies… Naririto ba siya ngayong gabi? Nais kong bigyan ng pagpapahalaga si Brother Jefferies at ang kaniyang Gawain. Wari ko'y nagbalik na siya sa mga isla at sa iba pa. Nagagalak akong Makita sina Brother at Sister Wright at ang marami pa sa mga tagarito. Nakita ko si Attorney Robinson… Kanina rito, na pumasok kani-kanina lang. Nais ko sanang batiin siya dahil sa mensaheng ipinangaral niya noong isang araw. Walang nakapagsabi kung sino iyon. Nahiya ako. Napakaganda ng mensahe niya tungkol sa mga propesiya, parang katulad iyon ng ipinangaral ko ngayong gabi. At mayroon pang isang ministrong naririto kaninang umaga, kagabi pala, si Brother Smith na taga Church of God dito. Hindi ko alam kung naririto siya ngayong gabi o wala. Kung tatayo tayo sa pulpitong ito at titingin sa gawing iyan, ay napakahirap makilala ang mga tao. Parang Malabo, kita n'yo. Hindi mo makikilala ang mga tao. Kung naririto ka, Brother Smith, pinahahalagahan ka namin.

219 Hindi ba't itong nakaupo rito ay ang kapatid nating Taga Georgia? Itong nakaupo sa tabi ni Brother Collins? Nagagalak akong makita kang muli dito ngayong gabi, kapatid. At gayon din naman ang iba pa sa inyo, lahat kayo. Magkakakilala kayong lahat.

220 Wari ko ay ito ang kapatid na babae at lalaki na nananalangin sa batang iyon noon. May isang duktor na nakaupo rito… Pagpalain ka ng Panginoon, Doctor.

221 Ngayon, huwag sana tayong matitisod sa akin, kayong mga ministro at mga kapatirang lalaki, dahil sa mahigpit ko itong pinagdidiinan. Ito ay Tabernakulo naming. Ito ay tinatayuan namin at nais naming ilapat iyan sa Salita at yugyugin sila sa pamamagitan nito. At kung sakaling malilihis kayo, ay dapat magagawa naming balikan tayo at sabihin, "Alam mong hindi mo na dapat ginawa iyon. Narito at naka-teyp iyon. Hayan na. Naka-teyp iyon."

222 Marami pa kaming iba pa…Ganiyan karami ang nasa inyo. Manatili kayo riyan, at kukunin natin ang kabuuan nito paglipas ng ilang panahon. Gaya ng lalaking kumakain ng pakwan at nagsabi, "Masarap talaga, pero mayroon pa ba? " Marami pang darating.

sa kaniya at pinagaling siya. Sinabi niya sa kaniya na nakakita siya ng isang pangitain.

213 Ang Jesus na iyon ay naririto ngayon, gumagawa pa rin ng mga gayong bagay at Siya pa rin ang dating Haliging Apoy. Ganoon pa rin ang itinuturo Niya at pinatutunayan Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan. Nagagalak ako na maging isang Cristiano, hindi ko alam kung ano ang gagawin ko! Nagagalak ako na isa kang Cristiano.

214 Sa inyo na mga tagarito sa Tabernakulo, sinabi ko sa inyo na papalitan natin ang pangalan nito. Hindi tama na ang tawag natin dito ay "Branham Tabernacle." Tao lang iyan. Papalitan natin ito ng ibang pangalan. Dadako tayo riyan paglipas ng ilang panahon. Ang gusto ko ay gawin itong Iglesia ng Diyos na Buhay. Ayaw ko ng "Metodista", "Baptist", "Presbyterian", Pentecostal" –Mahal ko ang lahat ng taong iyon nang buong puso ko. Hindi mahalaga sa akin kung ano kayo. Hindi ko masabi.

215 Kailangan ko lang talagang ipangaral ang Salita. Hinahagis ko ang lambat at hinahatak ko ito. May mga nahuling palaka, may mga gagambang dagat, may mga ahas, at mayroon ding mga isda. Ang Diyos, na ang bahalang magpasya. Basta hahatakin ko lang ang lambat, basta't ipinapangaral ko lang ang Salita at hahatakin ko ito at sasabihin ko, "Naririto sila Panginoon, sa palibot ng altar. Kilala Mo kung sino ang sa Iyo. Kilala mo sila bago pa itatag ang sanlibutan. Hindi ko alam kung sino sa kanila ang anak Mo. Ikaw ang nakakaalam, kaya ikaw na po ang bahala, Panginoon. Iyan lang ang magagawa ko. Lilipat ako at muli na naming mangingisda sa ibang lugar upang makapasok ng iba pang kalipunan. Iyan lang ang magagawa ko."

"O nais kong maglakbay,

Nais kong maglakbay.

Sa langit na aking tahanan;

Ako'y maglalakbay."

216 Ngayon, alalahanin, kung mayroon gustong makipagkita, tawagan lang ninyo si G.Mercier: Butler 2-1519. Ikagagalak naming ang makipagkita sa inyo. Kung ang mga mahal n'yo sa buhay ay paririto at kailangan nilang magmadaling umalis habang nagdaraos tayo ng revival, mayroon din akong kailangan puntahan ngayong gabi, at mawawala ako ng dalawang araw.

217 Pumapasok ako roon at nag-aaral ako at ganito ang sinasabi ko: "Panginoon, malapit Ka sa akin. Alam kong naririto Ka. Ang Salita Mo ang nagsasabi na lalapit Ka sa mga nagsisilapit sa Iyo." Patuloy akong

iglesia. Sapagkat ang iglesia—ang iglesiang Protestante—ay galing sa Simbahang Catolico, ang mga kasalanan ng Simbahang Catolico ay naipasa sa mga Protestante. Tiyak iyon. Kaya't hindi maaaring sabihin ng Palayok na mauling ang takure. Totoo talaga 'yan.

20 Makikita natin ito sa mga Kasulatan. Natuklasan natin…at wala akong nakitang papel na may sulat dito sa pulpito ngayong gabi…nang sabihin kong ipakita n'yo sa akin kung saan nagtalaga ang Diyos ng babaeng mangangaral! Ipakita n'yo sa akin kung saan itinalaga ng Diyos ang pagwiwisik! Ipakita n'yo sa akin kung saan itinalaga ng Diyos ang pagbubuhos! Ipakita n'yo sa akin kung saan may nabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo! Hanapin n'yo ang mga bagay na iyan! Gayon man ay paulit-ulit nating ginagawa ang mga ito! Sa loob mismo ng iglesia.

21 Ngayon, sinabi ko sa inyo, ang dahilan kung bakit hindi tayo maaaring maging Baptist ito ay dahil naniniwala tayo sa bautismo sa pangalan ng Panginoong Jesus Cisto. Walang sinuman sa Biblia ang nabautismuhan sa ibang paraan. Ipakita n'yo sa akin kung saan may nabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, at itataas ka ang kamay ko at sasabihin kong isa akong bulaang propeta.

22 Kung ang sabi ng Biblia ay dapat magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibig sabihin nito iyon ang dapat gawin mo. Inutusan sila ni Pablo na muling magpabautismo. Kahit nabautismuhan na sila kailangan nilang magpabautismong muli. Binautismuhan sila ng lalaking magbautismo kay Jesus Cristo— si Juan Bautista. Ang sabi niya, "Hindi na maaring iyan ngayon, kailangan n'yong magpabautismong muli." At kinailangan nilang gawin iyon bago nila natanggap ang Espiritu Santo. Iyon ang programa ng Diyos.

23 Maari akong magpakalalim pa nang higit kaysa riyan ngayong gabi. Bakit? Tinutupad ni Jesus ang Salita Niya. Naniniwala ba kayo riyan? Halos lahat kayo ay narito kaninang umaga, ngunit nais kong magdagdag pa ng kaunti roon,

24 Bakit kaya iniutos ni Pablo iyon samantalang nagawa na nila iyon? Ang sabi ni Pablo, "Maging anghel man ang bumaba mula sa Langit at mangaral ng iba, masumpa siya." Ngayon sasabihin mo, "May bagong liwanag kami tungkol dito." Wala. Iyan ang dala ng Diablo kay Eva—

Bagong liwanag. Hindi n'yo kailangan ang bagong liwanag. Ang kailangan n'yong gawin ay lumakad sa liwanag na inilagay na ng Diyos dito, iyon lang.

25 Ngayon, masdan n'yo ito. Napakapayak. Nang bumaba sila mula sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo ang sabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, "Sino ba ako, ang Anak ng tao, ayon sa mga tao?

26 Ang sabi Niya, "mapalad ka Simon, anak ni Jonas, sapagkat hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo." Kita n'yo, hindi ito natutunan sa mga denominasyon. "Hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo. Hindi mo natutunan ito sa alin mang paaralan ng teolohiya. Bagkus ang Aking Amang nasa Langit ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito ay itatatag Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makakapanaig laban dito." Isang spiritual na kapahayagan kung sino Siya.

27 Pansinin, "At sinasabi Ko sa iyo na ikaw Pedro, at ipagkakaloob ko sa iyo ang mga susi ng kaharian. At anumang gapusin mo sa lupa, gagapusin Ko sa Langit." Ngayon kailangan Niyang tuparin ang Kaniyang Salita dahil kung hindi hindi Siya Diyos. At nang gawin Niya iyon, ilang araw lang ang lumipas ay ipinako na Siya sa Krus, nagbangon at pumanhik sa Langit, at binuksan ni Pedro ang ebanghelyo sa araw ng Pentecostes. Ginawa ba niya? Tiyak iyon.

28 Nagyon masdan. Nilibak Siya, dahil puspos Siya ng Espiritu Santo. Binansagan silang mga erehe, *holy roller*, o ng iba pang bansag. At nagtawa pa nga sila at nagsabi, "lasing ang mga taong ito ng bagong alak." At tumayo si Pedro sa kalagitnaan nila, at sa isang malakas na tinig ay nagsabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid, pakinggan n'yo ang aking tinig. Pakinggan n'yo ang salita ko at makinig kayo sa akin . Hindi lasing ng mga taong ito tulad ng inakala ninyo. Ikatlong oras pa lang ng araw, subalit, ito yaong ipinangusap ng propetang Joel . "At mangyayari sa mga huling araw na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu…"— at kung ano ang gagawin Niya sa Kaniyang mga anak na babae, sa Kaniyang mga anak na aliping babae, at iba pa sa araw na iyon.

29 Nang marinig nila iyon, nangasaktan ang puso nila; sapagkat narinig nila ang isang taong hindi marunong ng "ABC", gayunman ay napansin nila at alam nilang may isang bagay sa kaniyang kalooban, na nagpaparingas sa kaniya—ang Espiritu Santo. Pigilan Siya? Aba, para kang pumapatay ng sunog sa isang araw na mahangin. Hindi mo magagawa. Puspos siya ng Espiritu Santo. At ano ang ginagawa niya?

30 Ang sabi nila,"Mga kapatid, ano'ng dapat naming gawin upang maligtas?" Ngayon, tingnan mo, Pedro! Nasa iyo ang susi ng kaharian!

31 Ngayon, ang sabi Niya, "Pedro, anumang kalagan mo sa lupa kakalagan ko sa Langit. Alam n'yo ba 'yon? Ang sabi Niya, "Hawak Ko ang susi ng kamatayan at ng Hades," Ngunit hindi ng kaharian—

sapagkat naibigay iyon kay Pedro.

gagawin ko. Magiging ganiyan ako katapat tungkol dito. Kaagad akong magpapatuwid sa Diyos. Kung aasa lang ako sa pagiging isang Baptist o Metodista, magpapakumbaba ako at tatanggapin ko ang Cristianismo sa aking puso. Iyon ang gagawin ko. Opo.

209 Ngayon, alalahanin ang darating na revival na magsisimula, kung loloobin ng Panginoon, sa darating ng Miyerkules ng gabi, ay nakabatay sa kaisipang iyan. Makinig kayo mga kaibigan. Mayroong tunay at buhay na Diyos. Tama. Si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos. Ang Espiritu Santo ay nasa iglesia ngayon. Ngayon kung sinabi lang sa akin iyan ng kung sino, may karapatan akong mag-alinlangan. Ngunit makinig, isang araw noong ako'y maliit na bata pa, ay nakatayo ako sa silong ng isang punong kahoy. Nakita ko Siya. Narinig ko Siya. Ang sabi Niya sa akin, "Layuan mo ang masamang babae. Iwasan mo ang sigarilyo at huwag kang magmumura, maglalasing at lahat ng mga bagay na ito. Mayroon akong ipagagawa sa iyo paglaki mo." Alam ko na isa Siyang tunay, at buhay na Diyos na tumutupad sa Kaniyang Salita.

210 Nang lumaki na ako, totoong kinatagpo Niya ako! Totoong kinausap Niya ako. Totoong nakita ko Siya sa nag-aapoy na palumpong at ang apoy na iyon ay paikut-ikot doon! Totoong nakita ko Siya nang Siya ay magsalita at sabihin Niya kung ano ang magaganap sa bawat pagkakataon ay ganung-gano'n nga ang nangyayari. Yaong nagsasabi ng mga bagay na iyon na walang kamalian, ay Siya ring nagbibigay sa akin ng inspirasyon upang ituro ang Bibliang ito kung paano ko Itong itinuro. Tama. Kaya nga galing ito sa Diyos.

211 Para sa akin, ito ay ang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat, at Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang sabi ni Jesus, "nagmula Ako sa Ama at babalik ako sa Ama." Nang Siya ay pumarito…Nang Siya ay Diyos doon sa ilang, isa Siyang nagniningas na liwanag. Ilan ba ang nakaalam niyan? Isa Siyang nagniningas na liwanag, isang Haliging Apoy. Naparito Siya sa lupa, at ang sabi Niya, "Nagmula Ako sa Ama at ba-…Nagmula Ako sa Diyos at babalik Ako s Diyos."

212 Namatay Siya, inilibing Siya, at muli Siyang nabuhay; at si Pablo, habang patungo siya sa Damasco ay muli niya Siyang nakatagpo, ano ang anyo Niya? Haliging Apoy. Opo. Ano ang ginawa Niya noong narito pa Siya sa ibabaw ng lupa? Ano ang ginawa Niya nang katagpuin Niya si Pablo? Ano ang iniutos Niya sa kaniya? Isinugo Niya siya sa isang propeta na ang sabi sa kaniya kung paano siya dapat magpabautismo, sinabi niya sa kaniya kung ano ang dapat gawin. Ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kaniya at sinabi sa kaniya kung ano ang dapat gawin. Ipinatong niya ang kaniyang mga kamay

204 Kahit ano pa ang denominasyon niya. Kahit gaano pa siya kagaling, gaano man siya kahusay o gaano man kataas ang pinag-aralan niya, nagkakamali siya. Kapag may nagsabi sa iyo na ang mga bagay na ito na naituro na natin dito sa iglesia; at sasabihin niya sa'yo na kahit na nawisikan ka lang, ay ayos na iyon, kasinungalingan iyon. Hindi iyan sisinag sa Urim Tummim. Kung sasabihin niya sa iyo na ang pagbubuhos ay tama, kasinungalingan iyon. Kung sasabihin niya sa iyo na ayos lang kung magpapabautismo ka sa ngalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo, kasinungalingan iyon. Kung sasabihin niya sa iyo na walang masama kung mangangaral ang babae, kasinungalingan iyon. Kung sasabihin niya sa iyo walang masama kung magpapatuloy ka at mananatili sa iyong denominasyon, kasinungalingan iyon. Hindi iyan sisinag sa Urim Tummim. At dose-dosenang iba pang mga bagay na nanggaling sa matandang inang patutot at naipasa roon…At iyan ang dahilan kung bakit ayaw natin sa mga denominasyon.

205 Mahal natin ang mga kapatid nating lalaki at babae doon sa loob ng mga denominasyon, ngunit dahil sinabi mong, "Metodista ako," ay Cristiano ka na. Cristiano ka dahil isinilang ka ng Espiritu ng Diyos. Hindi mo kailangang maging Metodista o Baptist. Hindi mo kailangang maging isa sa kanila. Ang kailangan lang ay maipanganak ka ng Espiritu ng Diyos. Naniniwala ba kayo?

206 Batay dito, kung mayroong sino mang naririto na nais makaiisa at makisama sa pananambahang ito at nagnanasang magpalubog– magpabautismo sa pangalan ni Jesus Cristo– naririto ang bautismuhan. Maya-maya lang ay sisimulan na nila ang pagbabautismo. Kung mayroon mang isa rito, sinumang nagnanais na pumarito sa anumang paraan… Naririto kami…Tama.

207 Ngayon, wala tayong memebership dito, basta magsimba lang kayo rito. Naniniwala tayo na si Cristo ay nasa Iglesiang Metodista, Iglesiang Baptist at Iglesiang Presbyterian. Mayroon siyang mga miyembro sa lahat ng mga iyon. At ang problema ngayon… ay ang bulaang panghuhula. Inilabas ang mga bagay na iyon, ang mga katuruan ng mga iglesiang iyon, na walang pasubaling taliwas sa Biblia.

208 Ngayon, kahit pa may magpaliwanag niyon sa akin, tiyak na sasaliksikin ko(naniniwala akong sapat ang Espiritu ng Diyos na nasa akin) ang Biblia upang tiyaking ito'y tama. Kung lalapit lang ako at makikipagkamay sa mangangaral, at ipalilista ang pangalan ko sa aklat, At pagkatapos ay mayroon akong galit at malisya sa aking puso, mayroon pa ring inggit at pakikipag-alit, at hindi ko mapaniwalaan na si Jesus ay isang dakilang Manggagamot, at iba pang tulad no'n, kaagad akong magpapatuwid sa Diyos. Ganiyan nga ang

32 Ngayon, ang sabi ni Pedro, "Magsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo."Tama ba? At iyon ang dahilan kung bakit ang susi ay hidi pipihit sa Langit sa anumang ibang pangalan, sa alin amg ibang paraan, alin mang ibang anyo… Pumihit iyon sa lupa, at pumihit iyon sa Langit; kung hindi ay hindi tinupad ni Jesus ang pangako Niya kay Pedro. At sa bawat pagkakataon na binautismuhan sila sa Biblia pagkatapos no'n, binabautismuhan sila sa pangalan ni Jesus Cristo. At ang mga nabautismuhan nabago pa iyon ay kinailangang magpabautismung mula sa pangalan ni Jesus Cristo upang matanggap nila ang Espiritu Santo. Tama 'yan.

33 Ganito pa rin hanggang ngayon. Kaya't kung nagturo tayo ng bautismo sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, isa itong bulaang hula. Ngayon ayaw ko kayong saktan, ngunit nais kong ipagdiinan ito upang malaman ng iglesia…Hindi tayo naririto bilang isang bungkos ng mga hindi nakapag-aral na mga mangmang, alam nating nakatayo tayo sa Salita ng Diyos. Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin kung saan may nabautismuhan sa pangalan ng Ama,Anak at Espiritu Santo!

34 Ngayon, makikinig ba kayo sa isang bulaang hula o sa katotohanan? Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Nasa inyo na iyan. Ipakita n'yo sa akin kung may isa mang tao sa Biblia o kung saan magtalaga ng isang iglesia upang maging isang organisasyon sa Biblia! Ipakita n'yo sa akin sa Biblia kung saan itinalaga sa Biblia ang mga bagay na ito na pinag-uusapan natin! Wala! Sabihin n'yo sa akin kung saan.

35 Pumaroon ka sa isang denominasyon… Buweno, nang magsilitaw ang mga metodista, nangaral sila ng kabanalan. Mabuti 'yan. Ngunit nang gawin nila iyon, nagtatag sila ng isang denominasyon, at iyon na ang tumapos no'n. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ng Biblia, "Mayroon kang pangalan."

Sasabihin mo, "Cristiano ako."

"Buweno ,saang denominasyon ka kabilang?"

Sasabihin mo, "Sa Metodista."

36 Aba, patutot ka kung gayon! "Baptist ako" — isa kang patutot!

"Pentecostal" —isa kang patutot! Kabilang ka sa iglesiang 'yon! Dapat ay kay Cristo ka kabilang! Hindi mo dapat sinasabing, "Metodista" o kaya'y "Baptist." Kung Cristiano ka, Cristiano ka sa puso.

37 Lahat ng denominasyong iyon ay makapagpaluluwal ng mga anak, mga anak ng Diyos. Tama. Ngunit kung ipapalagay mong mapapalangit ka dahil

lang sa isa kang Metodista o Baptist, nagkakamali ka! Iyan ang dahilan kung bakit iniiwasan natin iyan. Bakit hindi Makita ito ng mga Baptist?

38 Tahasan kong tinanong ang isang Metodista hindi pa katagalan. Ang sabi niya, "Ang pintas lang naming sa iyo ay lagi kang nakikisama sa mga Pentecostal."

Ang sabi ko, "Sino ang sinasabi mong "namin"?

"Kaming mga Metodista."

39 Ang sabi ko, "Buweno, sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin ko, pupunta ako sa inyong lungsod at kayong mga metodista ang magtaguyod ng Gawain."

"Oh," ang sabi niya, "anupa't hindi naming magagawa iyan."

39 Ang sabi ko, "iyan na nga ang iniisip ko. Nakikisama ako sa mga Pentecostal dahil naniniwala ang mga Pentecostal. Tama, sinusuportahan nila ito. Sila tuloy ang nakikinabang." Ilan na sa inyo ang nakabasa ng sulatin sa Life Magazine kamakailan lang tungkol sa iglesiang Pentecostal?

40 Iyan ang pinakamalaking phenomena sa kapanahunang ito. Mas marami silang naakay sa Panginoon sa loob lamang ng isang taon kaysa sa lahat ng mga iglesia. Bakit? Maging sa kabila ng kanilang mga pagkakamali, pinasusulong sila ng Diyos, sapagkat naniniwala sila sa katotohanan at sumusulong silang taglay ito. Iyan ang katotohanan.

41 Ngunit ano ang ginagawa natin ngayon? Iyan ang dahilan kung bakit hindi tayo denominasyon. At singtiyak ng pagiging denominasyon ng mga Pentecostal at…Noong araw nang unang bumuhos ang Espiritu Santo sa kanila(sa Iglesiang Pentecostal) apatnapung taon na ang nakalipas

42 Dumating ang mga Oneness,at natuklasan nila ang tungkol sa bautismo sa ngalan ni Jesus. Ang sabi nila, "oh nakuha na natin!" Nagtatag sila ng organisasyon. Ano'ng ginawa nila? Lumabas kaagad ang Diyos at iniwan silang nakaupo roon. Ito'y para sa, "Sinumang may nais, lumapit siya."

43 Kita n'yo, hindi makapunta ang Oneness sa Assemblies, at hindi makapunta ang mga Assemblies sa Oneness. Nakausap ko ang ilan sa mga pinakamahusay na tao nila. Si G.G— at si Dr.P—- , marami sa kanilang mga kalalakihan, na mga malaking tao nila. Naupo akong kasama nila at ang sabi ko, Paano mong nagagawang ituro ang *initial evidence* bilang isang iskolar?"

44 "Buweno, Brother Branham," isa, dalawa, tatlo, sa kanila ay nagtapat at nagsabi, "alam naming mali iyan. Ngunit ano'ng magagawa naming? Kung

mga panaginip at mangungusap sa kaniya sa mga pangitain." Tama. Nakapanghuhula siya.

199 Ngayon, kung may taong darating at magsasabi, Oh, Aleluia, natanggap ko na iyon. Nanghuhula ako ngayon sa Pangalan ng Panginoon. Nasa akin ang kapahayagan, "hindi nila hinahayaang ganoon na lang iyon, gaya ng ginawa ninyo. Sinusuri muna nila iyon sa Diyos.

200 Ngayon, sa baluti ni Aaron ay mayroong tinatawag na Urim at Tummim. Ilan ba sa inyo ang nakarinig na ng salitang iyon. Ano ba iyon? Labindalawang bato iyon, anim sa magkabilang tabi tumutukoy sa labindalawang patriarka. Ang jaspe– kay Juda, at iba pa, labingdalawa ang mga batong iyon. At dadalhin nila ang mga propetang ito, o di kaya'y ang mapanaginipin, isinasabit nila ang baluting iyon, at patatayuin nila siya roon. At sasabihin nila, "Ngayon manghula ka at isaysay mo sa amin ang iyong hula."

201 "Nangusap ang Panginoon sa akin at nagsabi na 'ganito at ganoon ang mangyayari." Kahit gaano katotoo iyon sa pandinig, (Kung pakikinggan ay para talaga iyong totoong-totoo) ngunit kung hindi magsasanib ang mga liwanag na iyon upang lumikha na iyon ng isang bahaghari roon– ang Urim at Tummim, ang mga liwanag na iyon ay nagsasama-sama, ang sobrenatural ay kumikilos, nagpapatibay. (Kita n'yo, laging pinagtitibay ng Diyos ang Kaniyang Salita) – At kung hindi kikinang ang sobrenatural na liwanag na iyon, kung gayon ay hindi mahalaga sa akin gaano man iyon katotoo sa pandinig, mali pa rin iyon.

202 Kung sasabihin ng isang taong mapanigipin, "Nakapanaginip ako ng isang panaginip at ayon sa napanaginipan ay kailangang lumikas ng bayan ng Israel sa isang lugar dahil darating ang taga Siria sa gawing ito upang lusubin kayo, "dadalhin nila ang taong iyon doon, at isasaysay niya ang kaniyang panaginip. Kung hindi sisinag ang liwanag na iyon doon, ay nagkakamali siya kahit pa gaano…Kahit pa naroroon na at handa nang makipagbaka ang mga taga Siria, mali pa rin siya. Hindi po, kailangang ito ay walang pasubaling mapatunayan sa pamamagitan ng Urim Tummim.

203 Ngayon alam ng lahat na ang dating pagkasaserdote ay lumipas na, at ang Urim Tummim ay kasabay nitong lumipas. Alam natin iyan, hindi ba? At pumasok na ang bagong pagkasaserdote. At ano ang Urim Tummim natin ngayon? Opo, ang Salita ng Diyos. Opo, ito iyon. Kung sino man ay mag-aankin ng anumang uri ng kapahayagan, mangungusap ng anuman, o magkakaroon ng anumang aral na hindi ayon at hindi sumisipi sa Bibliang ito sa kabuuan ng Kasulatan, ay nagkakamali siya.

ng Ama. At lahat ng magsisilapit sa Akin ay babangunin Ko sa huling araw. Walang sinumang mapapahamak." Natanggap ko iyon. Tutuparin ko iyon. Walang sinumang makagagawa nito maliban dito. Lahat ay nasa kaniya. Lahat kayo ay hindi makapagsasabing mayroon akong isang bagay na nagawa. Biyaya ng Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Kaya't wala akong ginawa. Wala akong kinailangang gawin anuman. Maging ikaw man. Hindi ka naging karapat-dapat sa anumang bagay. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. NI hindi mo nagawang ikilos ang iyong daliri para maisagawa ang isa mang bahagi nito.

195 Maari mong sabihin, "Galing ako sa isang mabuting pamilya. Ganito ang ginawa ko." Walang kinalaman iyan dito. Tanging ang Diyos lamang ang gumawa nito. Ang habag ng Diyos.

196 Ikinalulungkot ko na wala pang alas-onse, ngunit ngayon ma'y magwawakas na ako. Ilan ba ang nakauunawa na sinasabi ng Biblia na ang mga bagay na ito ay pawang katotohanan? Lalung-lalo na kayong mga taga-Branham Tabernacle. Ngayon marahil ay ikalabing-anim na bahagi lamang iyan ng mga itinuturo ko at pinaniniwalaan natin dito. Ngunit alalahanin n'yo, sa inyong mga nagmamasid maari kong sabihin ito: Sa inyo na hindi nagsisimba rito bilang mga miyembro. Ang paniniwala naming, ito ang itinuro ng Biblia, at ang Biblia ay katotohanan ng Diyos.

197 Naniniwala kami na sa Lumang Tipan, ay mayroon silang paraan para malaman ung ano ang katotohanan at kung ano ang hindi katotohanan. Ngayon alam nating lahat na nasa kanila ang nasulat na Kautusan. Ilan ba ang nakaalam niyan? Ang Batas, ang mga Kautusan na nasa loob ng kaban at iba pa. Ang Batas at mga Kautusan. Ang sabi Nito. "Huwag kang makikiapid. Ang sinumang magkasala ng pakikiapid ay babatuhin." Iyon ang kautusan. Iyon ang kautusan at ang Batas ng Kautusang Iyon. Ngayon ang kaban ay nakalapag ng paganito. Nasa loob nito ang Kautusan at ang mga Batas ng mga Kautasan ay nakalagay sa mga bulsang nasa gilid nito. Kung may taong lalapit dito, at siya ay nagkasala ng pakikiapid, kukunin nila iyon doon at aalamin nila kung ano ang nakasaad sa Batas. "Babatuhin siya." Kaagad nila siyang ilalabas at babatuhin. Iyon ang Batas na nakasaad sa Kautusang iyon.

198 Ngayon mayroon pa silang dalawang paraan upang malaman kung ano iyon. (Laging nangangailangan ng tatlo bilang pagpapatibay.) Mayroon pang isang paraan para malaman nila, at iyon ay kung hindi sa pamamagitan ng isang propeta ay sa pamamagitan ng isang taong mapanaginipin. Ilan ba sa inyo ang nakaalam niyan? "Kung mayroon sa inyo ng taong spiritual o di kaya'y isang propeta, Akong Panginoon ninyo ay magpapahayag sa kaniya sa

magsasalita kami tungkol dito ngayon, baka mabalam lang ang boung programa." Siyanga, at hindi ka na magiging Obispo, ang pangkalahatang tagapamahala. Iyon ang dahilan.

45 Kapatid, mas gugustuhin ko pang magmisyon na lang sa isang kanto o kaya'y mangaral sa silong ng pine tree, nang taglay ang katotohanan. Siyanga…At alam mong totoo ang sinabi mo. Ang gusto ng tao ay katotohanan, at may katungkulan ka bilang isang Cristiano na magpatotoo tungkol sa katotohanan. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa pangalan ni Jesus Cristo, at hindi pa ninyo nagagawa ang mga bagay na ito, hindi pa ninyo natatanggap ang Espiritu Santo.

46 Sasabihin mo, "Oh, nakapagsalita na ako ng ibang wika." Hindi nangangahulugan iyan na nasa iyo na ang Espiritu Santo. Nakakita na ako ng mangkukulam, mga manggagaway, mga demonyo, at lahat na ng klase ng tao na nagsasalita ng ibang wika. Siyanga. Wala sa kanila ang Espiritu Santo. Kaya hindi dahil nakapagsalita ka ng ibang wika ay nasa iyo na ang Espiritu Santo. Ang tanging paraan para malaman mo kung nasa iyo na iyon , ay kung nagpapatotoo ang iyong espiritu sa Kaniyang Espiritu, at susunod sa iyo ang mga bunga ng Espiritu Santo: pag-ibig, pananampalataya, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang loob. Iyan ang patunay na nasa iyo na nga ang Espiritu Santo. Pinatutunayan Nito ang Sarili.

47 Kapag nakasandig ka sa pagiging kabliang mo sa Assemblies, o sa Baptist, o sa presbyterian, nakikita ba ninyo kung ano ang ginagawa n'yo? Ang tinatanggap n'yo ay ang pangalan ng isang patutot. Tama talaga 'yan. Lumabas kayo riyan! Layuan n'yo iyan! Hindi ko ibig sabihing lumabas kayo sa iglesia ninyo o anupaman— gawin n'yo kung anong gusto n'yo tungkol sa bagay na 'yan— ngunit layuan n'yo ang, "oh, Presbyterian ako. Hindi kami naniniwala sa kaarawan ng himala!" Bakit hindi mo ito mapaniwalaan? Itinuturo ito ng Biblia! "Oh, kabilang ako sa Church of Christ. Ayon sa kanila ay lipas na raw ang panahon ng himala." Mga bulaang propeta sila! Maipapakita ko sa inyo kung saan pinagkalooban ni Jesus Cristo ng kapangyarihan ang Iglesia para magpagaling, bumuhay ng mga patay, at magtaboy ng demonyo. Hinahamon ko ang sinuman na magpakita sa akin ng kahit isang Kasulatan sa Biblia na nagsasabing inalis Niya iyon sa iglesia.

48 Ano ba ang nag-alis dito? Ang sarili n'yong dogma, hindi ang Salita ng Diyos. Ginagawa pa rin ito ng Espiritu Santo hanggang ngayon, nagpapatuloy pa rin ito, magpapatuloy Siya magpakailanman. Iyan ang dahilan kung bakit hindi tayo denominasyon, "na may anyo ng kabanalan ngunit tinatanggihan

ang kapangyarihan nito. Magsilayo nga kayo sa kanila." Hindi tayo naniniwala sa ganiyan.

Paano ba iyon nagsimula? (Kailangan nating magmadali upang matalakay kaagad natin ito sa lalong madaling panahon.) Paano ba iyon nagsimula? Napakarami nating kasulatan dito tungkol sa Espiritu Santo.

49 Isa pa, naghamon tayo kagabi tungkol sa pagtitiyaga ng mga banal, hindi sa paraan ng paniniwala ng mga Baptist. Hindi po, totoong iba ang paniwala ko sa mga Baptist sa kanilang teorya ng Calvinismo. Totoong hindi ako ayon sa mga Presbyterian. Hindi ako sang-ayon sa mga Metodista sa kanilang doktrinang Armenian. Opo, ngunit kapuwa sila ay may taglay na katotohanan. Kapag lumabas ka roon, maaring mawala ka agad.

50 May binautismuhang mag-asawa rito ang mga Baptist sa pamamagitan ng paglulubog. Binabautismuhan sila ng mangangaral kahit siyam sa sampu sa kanila ay naninigarilyo, at nagsisibalik sila room at nagbabaraha, at nagsusugal ng bunco boung magdamag, nagpapagala-gala, sumasali sa mga baluktot na pagnenegosyo. Nagsusuot ng shorts ang mga babae, nagwawala sa mga lansangan, nagpapaikli ng buhok, naninigarilyo, naghuhuntahan sa mga *stitch and sew party*, at nagkukwento ng maruruming biro. Cristiano nga ba ang tawag n'yo riyan? At ang akala n'yo ay mayroon kayong eternal na kasiguraduhan? Pupunta kayo sa impiyerno 'pag ganiyan kayo! Hindi kayo masisiyahan sa Langit sa anumang paraan. Tiyak hindi. Hindi iyan eternal na kasiguraduhan.

51 Ngunit kung ang isang tao ay isinilang na muli sa Espiritu Santo… At kayong mga Pentecostal, dahil lang naglulundag kayo, nagsalita ng iba't-ibang wika, at nagtatatakbo sa pasilyo, hindi nangangahulugan iyan na mayroon na kayong eternal na kasiguraduhan! Huwag na huwag ninyong ilagay iyan sa isip n'yo. Hindi po, hindi talaga. Sapagkat alam n'yo na ang sariling buhay n'yo ang nagpapatotoo na hindi kayo matuwid sa harap ng Diyos. Tama. Hindi ka matuwid. Hindi pa iyan eternal na kasiguraduhan.

52 May itatanong ako sa inyo. Mayroon ba talagang etenal na kasiguraduhan? Iyan ang sabi ng Biblia. Ayon sa Biblia, nailagay na ang mga pangalan natin sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago magsimula ang sanlibutan. Gaya ng sinabi ko kaninang umaga, (sasabihin ko uli ngayon)

Ang lalaking sumulat ng awitin, "May Bagong Pangalang Sinusulat sa Langit Ngaying Gabi at Iyon ay Akin", walang masama sa kaisipan niya, ngunit mali siya ayon sa Kasulatan. Hindi nasulat doon ang pangalan mo nang gabing maligtas ka. Ang pangalan mo, ayon sa Biblia, ayon sa Apocalipsis 13, 17 at

Metodista", ang tatanggap ng Espirito Santo at mababautismuhan sa pangalan ni Jesus Cristo. Iyan ang sabi ng Biblia.

190 Pag nahagip ka niyan,sasabihin mo, "Amen." Ang sabi ng iglesia, "Oh walang kaibahan iyan." Ngunit ang Espiritu na sa iyo ay nagsasabi ng, "Amen" sa Kaniyang Salita."Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa Salita na Lumalabas sa bibig ng Diyos." Hayag na.

191 Nais kong ipakita mo sa akin ang isang kasulatan na nagsasabing mansanas ang pinagsimulan nito. Nais kong ipakita mo sa akin kung saan sila kumain ng mansanas. Ipinakita ko sa inyo kung saan ay gayon din ang inakala ni Cain, at kung paanong gayon pa rin ang inaakala ng mga binhi niya hangang ngayon. Datapuwat ang Espirituwal na kapahayagan ng Diyos ang nagpapatunay sa pamamagitan ng Biblia na iyon ay seksuwal na pakikipagtalik ng lalaki sa babae, sa ilegal na paraan! Diyan nagmula ang mga higante. Diyan nagmula ang kasalanan. Diyan nagmula ang kabulukan. Diyan iyan nagpasimula.

192 Ngayon pansinin, tingnan n'yo lang. Doble ang katusuhan ng serpente. Laging doble ang katusuhan ng kaniyang binhi. Nais kong tumuntong sa likod ng pulpitong ito, hawakan ang mikropono, tumayong matibay sa pulpito at sabihin ito: "Sa araw na ito nasa'n na ang inyong mga dakilang matatalinong tao?" Ang pastor n'yo na galing na roon at nakakuha ng mga kaalamang intelektuwal, at saka siya tatayo. Siya ang pastor ng pinakamalaking simbahan sa buong bansa, at iba pang gaya niyan . . . Saan ba nakatayo ang binhi ng serpente? Sa mga ganyang lugar ng mga taong mahuhusay at matatalino! Mahuhusay, matinik na taong aral. Doon siya naroon. Doon siya matatagpuan. 'Hindi sa pamamagitan ng lakas, kung hindi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, ang sabi ng Panginoon."

193 At pagkatapos ay may isang abang kapatid na nakatayo doon sa kanto, tumatangis, at marahil ay nakatayo siya roong kinakalabit ang luma niyang gitara na nagsasabi, 'Mga kapatid, halina kayo't nang masumpungan ninyo ang Panginoon." Madadaanan siya ng pastor, "Humph, ayokong Makita ako ng kongregasyon ko riyan. Aba, ayokong makisama . . . Ayokong makita ako nina Lidy at Johnny na nariyan ako sa lugar na iyan!"

194 Sumige ka, binhi ng diablo! Tutal ay diyan din naman ang magiging eternal na destinasyon mo. Tama iyan. Maari sana akong gumamit ng ibang salita diyan — mga bastardo. At iyon lang talaga iyon. Sapagkat kung titingnan n'yo, "Walang sinumang makalalapit sa Akin malibang palapitin siya

pagpapahinuhod, kaamuan, at pagpipigil. Iyan ang mga bagay na mahalaga, ang mga bunga ng Espiritu.

183 “At kunin natin ang isang tao . . . Buweno, mabuti ang buhay na ipinakikita niya sa kapit bahayan.” Ganiyan din si Esau. Walang taong sinaktan si Esau. At si Esau ay sa Diablo. Ngunit si Jacob, na nagmula sa iisang sinapupunan, ay sa Diyos — ang binhi ng Diablo, ang binhi ng babae. Ang binhi ng Diyos ay dumating sa . . .

184 Ngayon Kita n’yo, humantong ang lahat ng iyon sa ganito,”Buweno, ano ang iniwan nito sa mundo ngayon?” Sasabihin ko ito sa paraang totoong nakasasakit; talagang ibabaon ko ito. Saka na tayo magsimula ng revival pagkatapos nito sa susunod na Gawain. Humantong na ito sa isang kalagayan. Sana’y maunawaan ninyo ako, hindi ko sinasabi ito para maging lapastangan. Hindi ko sinasabi ito para magmalupit. Naging isa na itong napakalaking lupon ng mga bastardong anak sa labas! Iyan ang panghuling pangungusap ko.

185 Iyan na nga talaga ang kinalabasan nito. Alam n’yong totoo iyan. Humantong na ito sa “pagsapi sa iglesia” “miyembro ng iglesia”. Na may anyo ng kabanalan nito ay isang lupon ng mga relihiyosong bastardong anak! Ganyan na nga talaga iyan.

186 Ano na ang kasunod na mangyayari? Mayroon nang rocket na nakaumang doon. Marami. Mga *cobalt bomb* at lahat na, naghihintay lang na dumating ang kapangyarihang iyon. At magkakaroon ng pagkawasak sa pamamagitan ng apoy gaya ng nagkaroon ng pagkawasak sa pamamagitan ng pagkawasak sa pamamagitan ng tubig.

187 Mga kaibigan, anuman ang gawin n’yo, kung ikay Cristiano. Kung nasa puso mo ang Diyos, at alam mong lumipat mula sa kamatayan tungo sa buhay, dapat ay ikaw ang maging pinakamaligayang tao sa buong mundo. Kung ang Espiritu Santo ay nananahan sa iyo.

188 Kapag sinabi ng Biblia, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man,” ang sasabihin naman ng mga denominasyon, “Buweno, ang paniwala namin ay lipas na ang himala.”

Sasabihin ng Espirito Santo, “Amen. Si Jesus Cristo ay siya ring Kahapon, ngayon, at magpakailan man. Siya nawa.”

189 Sinabi ba ng Biblia, “Magsisi at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatangagapin ninyo ang kaloob ng Espirito Santo. Sapagkat ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, sa mga Hentil . . . at sa mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos . . . maging ilan man ang tawagin ng ating panginoong Diyos.” Hindi,”maging ilan man ang tawagin ng

sa iba pa, ay nakasulat na roon bago pa man magsimula ang sanlibutan; at si Jesus Cristo ay pinaslang na bago pa itatag ang sanlibutan.

53 Paanong magagawa ng Diyos, na infinite…Paanong mangyayari na ang isang Diyos na infinite, na nakakaalam ng wakas mula pa ng umpisa, paano Niyang papayagang dumating ang kasalanan sa ibabaw ng lupa, kung walang dahilan?

54 Bilang susog sa ilan, sa mga bagay na nabanggit natin: Ano ba ang nauna, ang Tagapagligtas o ang makasalanan? Kung nakapag-alis ng kasalanan ang Tagapagligtas, higit Siyang makapangyarihan.

Buweno, unang-una, bakit ba Niya pinahintulutang makapasok ang kasalanan? Para ipakitang Tagapagligtas Siya.

55 Alin ba ang higit na makapangyarihan, ang Manggagamot o ang sakit? Ang Manggagamot.

Kung gayon, bakit pinayagan Niyang makapasok ang sakit? Para ipakita na isa Siyang Manggagamot.(Nagiging relihiyoso na ang pakiramdam ko! Opo!) Ay, naku, iyan ang kaniyang katangian. Kaya pinapayagan Niyang magsidatinmg ang mga prublema. Kaya pinapayagan Niyang dumating ang kalungkutan— upang maipakita Niya na Siya ang kagalakan. Siyanga. Kaya may gabi— ay upang magpatunay na may araw. Kaya umiinit ang ulo natin— ay upang ipakitang may kapayapaan. Siyanga, may magkabilang panig ito. Oh, kamngha-mangha Siya.

56 Paano bang nagsimula iyon? (Dadako na tayo kaagad dito sa lalong madaling panahon, para hindi kayo abutin dito ng magdamag.) Ngayon, mayroon at mayroong pasimula ang lahat ng bagay. May itatanong ako sa inyo. Ibulsa lang ninyo ito sa inyong mga tsaleko. Hindi n’yo kailangang isama ito sa regular na pagkain n’yo. Ngunit pakinggan n’yo ito; kung ika’y isang eternal na nilalang, wala kang pasimula at hindi ka maaring magwakas. Sapagkat ang eternal ay salitang nangangahulugang walng pasimula o walang wakas. Hindi n’yo ba naaalala, sinabi ko kaninang umaga kung paanong si Melquisedec, nang katagpuin Niya si Abraham nang manggaling sa pamamaslang ng mga hari, at ang sabi ng Biblia sa Hebreo 7 ay nagbayad ng ikapu si Levi kay Melquisedec habang nasa sinapupunan pa siya ng kaniyang amang si Abraham. Naging anak ni Abraham si Isaac; naging anak ni Isaac si Jacob at naging anak ni Jacob si Levi. Iyon ay ama, lolo, nuno, ayon sa Biblia ay nagbayad siya ng ikapu kay Melquisedec.

Pag-usapan natin ang pagiging etenal!

57 Hindi sinabing ginawa niya iyon bilang isang animo o sa paraang potensiyal, bagkus ang sabi ng Biblia ay nagbayad, siya ng ikapu. Amen!

Kung gayon, kung galing tayo sa tamang binhi, nang mangaral si Pablo ng ebanghelyo, naroon na ako, at naroon ka na. Dadako tayo riyan sa loob ng isang sandali. Aapaw ito sa ating tainga. Iyan ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa atin. Noon pa iyon.

58 Isipin n'yo na lang, si Levi; pagkatapos ay si Jacob, ang ama niya—

ang nuno niya. Nang si Levi ay nasa sinapupunan pa ng kaniyang nuno, nagbayad na siya ng ikapu kay Melquisedec.

59 Nais ko kayong tanungin, "Sino ang binanggit dito sa Job 38, nang sabihin niya, 'Nasaan ka nang ilatag Ko ang patibayan ng lupa? Nang mag-awitan ang mga tala ng umaga, at magsigawan sa galak ang mga anak ng Diyos?'" Sino ba ang anak na lalaking iyon na nagsisigawan sa galak? Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kasama ninyo Akong nagalak bago pa itatag ang sanlibutan." Hindi tayo mga nilalang ng panahon, tayo'y mga nilalang ng Walang-hanggan! Walang sinumang makakalapit sa Akin malibang palapitin siya sa Akin ng Ama. At lahat ng magsilapit sa akin ay pagkakalooban Ko ng Buhay na Walang-Hanggan, at muli ko silang babangunin sa huling mga araw. Walang makaaagaw sa kanila sa kamay ng Ama, at ibinigay Niya sila sa Akin." Paano kang matatalo? Kita n'yo, nangangamba ka. Natatakot ka. Tatakbo kang palayo rito, at iyan ang pinakamatibay na ebidensya sa buong mundo na wala ka pang nararating. Tama.

60 Paano kang ililigtas ng Diyos kung Siya…Ilan ba sa mga naririto ngayon sa iglesiang ito ang makakapagtaas ng kamay, at naniniwalang ang Diyos ay *infinite*? Alam n'yo ba ang kahulugan ng salitang "*infinite*"?Sakdal na sakdal iyan. Infinite… Hindi n'yo maipaliwanag ang salitang "*infinite*".

61 Nasubukan n'yo na bang ilagay ang lente ng kamera ninyo sa *infinite*?

Aba, ang ibig sabihin nito ay mula rito hanggang sa Walang Hanggan. Tama. Hindi mo maaari pang i-focus iyon. Buweno, ganiyan ang Diyos—

infinite Siya. At kung infinite Siya, walang lilitaw dito sa lupa na isa mang salagubang, isa mang langaw, isa mang pulgas, isa mang daga, isa mang insekto, o anumang bagay dito sa lupa o maaring lumitaw pa dito sa lupa, nang hindi nalalaman ng Diyos bago pa mabuo ang mundo. Iyan ang kaunting kaisipan na maglalarawan ng kahulugan ng salitang infinite!

62 Buweno kung gayon, ang infinite na Diyos na nagligtas sa iyo rito, nalalaman Niyang maiwawaglit ka Niya sa isang linggo, sa isang buwan, o sa isang taon; aba, ginagapi Niya ang pinakalayunin Niya. Hindi Ka Niya maaring maiwaglit! "Ang dumidinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may buhay na Walang Hanggan at hindi na

rock n' roll. Ano ang kalalabasan ng kaniyang anak na babae? Ano na nga iyon? Nakikita ninyo ang binhi ng matuwid?

178 Kayong mga Baptist. Balikan n'yo ang nangyari hindi pa katagalan. Balikan n'yo si John Smith na nagtatag ng inyong samahan, kayong mga Baptist; nang idalangin niya ang kasalanan ng mga tao hanggang sa manangis siya at manalangin sa mga tao hanggang sa mamaga at magsara ang kaniyang mga mata, at kailangan siyang pakainin ng asawa niya ng almusal sa hapag-kainan.

179 At kayong mga Metodista, dito sa paligid na may mga hiyas sa inyong ilong at sa inyong mga tainga na parang mga estribong tungtungan ng diablong nakasakay sa inyo, at nagsisilabas kayo, na nakasuot ng shorts at ng mga bagay na tulad niyon… Samantalang ang matandang John Smith, isa sa mga matatandang pinuno ng Iglesiang Metodista, bago siya mamatay sa gulang na walumpu't lima ay nangaral siya ng isang maikling sermon (apat na oras). Kinailangan nilang buhatin siya at paupuin sa likod ng pulpito. At ito ang mga huling salita niya: Ang sabi niya, "Labis akong nagigimbal sa ikinikilos ng Iglesiang Metodista!" Ang sabi niya, "Maging ang mga anak na babae ng Iglesiang Metodista ay nagsusuot ng mga gintong singsing sa kanilang daliri!" Ano kaya ang masasabi niya ngayon, sa mga babaeng nakashort na umawit sa koro? Maganda na ang lagay n'yo dati. Ano'ng nangyari? Tulad na rin kayo ng inyong ina kung kumilos! Tama talaga iyan.

180 Iyan ang dahilan kung bakit ayaw nating may nakasabit o nakakabit na alinman sa denominasyong ito. "Mga Metodista kami!" "Mga Baptist kami!" — Basta kay Cristo kami. Hayaan na lang ninyong ganiyan at maging Malaya kayo.

181 Ngayon, nakikita na ba ninyo ang binhi ng serpente? Ano naman kaya ang ibabayad ng gayong babae? Ano naman kaya ang mangyayari? Ano…Patuloy ang kanilang pagdating? Iyang ang nagtulak pabalik sa mga Baptist, nagtulak pabalik sa mga Metodista, nagtulak pabalik sa mga Presbyterian. Ano ang ginagawa nila? Nagsibalik silang lahat gaya ng kanilang ina, ang mtandang patotot. Nasadlak sila sa iisang prostitusyon. "Buweno, wala namang kaibahan. Nailubog sila; nagsidating silang nagpapahayag ng kanilang pananampalataya. Dumaan sila sa anim sa buwang pagsubok. Hindi sila masyadong naglalasing noong panahong iyon , at iba pa. Naging mabuti silang mga kasapi. Malaki sila kung magbigay"

182 Ay naku! Walang kinalaman iyan sa mga bunga ng Espiritu! Ang mga bunga ng Espiritu ay ang pananampalataya — paniwalaan na si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man — pag-ibig sa mga kapatiran, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob,

kaniyang balikat. Ang sabi ko, “madam, kung gusto mong makinig sa aking pangangaral, maaari bang isuot mo ang americanang ito habang nasa loob ka ng simbahan ng Diyos.”

172 Padabog siyang umalis, at nakasimangot at lumabas siya ng gusali, at nagsabi, “Kung may relihiyon siya, hindi ko papayagan ang baka ko na sumapi sa ganiyang uri ng relihiyon!”

Ang sabi ko, “Huwag kang mag-alala, hindi talaga siya makasasapi doon.”

173 Nang magtayo tayo ng tolda, tinawagan nila ako noong naghihingalo na siya. Inatake siya sa puso at naghihingalo na. Dumating ang asawa niya. Ang sabi niya, “Pumarito ka agad,” (naroon ako sa Gawain), isa siyang matangkad na lalaki, nakatayo roon sa pintuan at naghihintay sa akin. Sumakay ako sa kotse ko at pumaroon. Habang papunta ako roon, ay nakasalubong ko ang matandang nars na nakatira sa Howard Park. Ang sabi niya, “reverend, hindi mo na kinailangang pumunta roon.” (May dalawampung taon na ang nakalilipas simula noon, marahil ay higit pa.) Ang sabi niya, “Patay na siya. Tatlong minuto na siyang patay. Napakalakas ng sigaw niya habang tinatawag ka niya.” Ang sabi niya, “Mayroon akong mensahe para sa iyo.”

174 Ang sabi ko, “Ano?”

Ang sabi niya, “Sabihin mo sa mangangaral na pinagsabihan ko niyon, ‘Patawarin mo na ako kung maaari lang.”

175 Nagpunta ako roon upang Makita siya, isa siyang magandang babae. Sa tindi ng paghihirap niya ay may lumabas na mga pekas sa kaniyang ilong. Maganda siyang babae. Parang nakaalsa ang mga pekas. Lumuwa ang kaniyang mga mata at nakatirik ang mga iyon. Anupa’t nadumi siya at naihi, at nangalingasaw ang kaniyang higaan.” Tumingin sa akin ang asawa niya at nagsabi, Brother Branham, umusal ka ng panalangin, sapagkat gusto ko sana siyang Makita.”

176 Ang sabi ko, “Wala nang magagawang buti ang panalangin sa kaniya ngayon.”

Kung saan nakahilig ang puno, doon ito matutumba. “Huwag kayong padaya; ang Diyos ay hindi napapabiro: Kung ano ang inihasik ng isang tao, iyon ang kaniyang aanihin.”

177 Nakikita na ba ninyo kung nasaan na iyon? Ngayon ano ang nangyari? Tingnan n’yo ang babaeng gumawa niyon. Tingnan n’yo ang mga babae na noo’y nabuhay bilang singer sa club. Ano’ng kinalabasan ng anak niyang babae? Isang patutot. Ano ba ang anak ng patutot? Isang dalagitang nagra-

haharap sa kahatulan bagkus ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay.” Hindi maaari.

63 Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat ang binhi ng Diyos ay nananatili sa kaniya, at hindi siya maaring magkasala. Paano siyang magkakasala samantalang may hain para sa kaniyang kasalanan. Paano akong magkakasakit samantalang malusog na malusog ang pangangatawan ko? Paano akong magiging bulag samantalang nakakakita naman ako? Ay naku! Paanong mangyayari na nasa loob ako ng gusali at nasa labas ako ng gusali sa iisang pagkakataon? Paano akong magiging lasing at matino ng sabay? Hindi maari. At kung ligtas ka na, nasa ilalim ka na ng katubusan, at hindi na ibinibilang sa iyo ang mga kasalanan mo.

64 Hindi ba’t sinabi ni David na, “mapalad ang tao na sa kaniya ay hindi ibinibilang ang kasalanan.” Hindi ibinibilang ng Diyos ang kasalanan sa nilalang na ito. Napakabigat niyan! Hindi iyan gatas; ngunit iyan ang Biblia!” Hindi ibinibilang ng Diyos ang kasalanan ng matuwid. Ang Diyos sa Kaniyang biyaya sa pamamagitan ng pagtatalaga, hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay makapagsisi; ngunit dahil *infinite* Siya at alam Niya kung sino ang lalapit at kung sino ang hindi lalapit, maari Niyang italaga ang lahat ng bagay upang umayon sa Kaniyang kalooban.

65 Kung hindi Niya ginawa iyon, bakit Niya pinayagan ang kasalanan, unang-una? Nang siya ay Tagapagligtas… Kung walang kasalanan, dapat ay wala ng Tagapagligtas. Hindi mapapalabas ang katangiang iyon mula sa Kaniyang kalooban.

66 Paano ba Siyang naging Manggagamot? Sapagkat pinayagan Niyang makapasok ang sakit, upang maipakita Niyang Siya ay Manggagamot. Isa Siyang Manggagamot. Paano Siyang makikilala? Paanong gagana ang katangian Niya? Paano Siyang magiging Manggagamot, kung walang lilitaw na sakit? Kailangan Niyang payagan ang pagdating ng sakit.

67 Hindi kataka-takang sinabi ni Pablo, sa Roma 8, “Hanggal na tao, mayroon bang maaring mag-utos sa ‘Magpapalayok kung ano ang dapat gawin?’ Kapag sinabi ng putik, “Bakit mo ako ginawang ganito? Hindi ba’t pinalitaw Niya doon sa Egipto? Pinatitigas Niya ang puso ng sinumang naisin Niya, at inaaring ganap Niya ang sinumang naisin Niya. Hindi siya na nagnanasa, o siya na tumatakbo, kundi ang Diyos na nagpapakita ng habag! Kaya’t wala kang kinalaman dito. Wala kang anumang kinalaman. Kung ito’y biyaya, kung ito’y isang kaloob na walang bayad, wala kang maaring gawin tungkol dito. Ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Iyan ang kalooban ng Diyos. Iyan ang bagay na itinalaga ng Diyos sa iyo.

68 Sinabi ng Biblia na itinalaga tayo sa pagkupkop ng mga anak ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Kung gayon, nang paslangin ng Diyos ang Kordero sa Kaniyang Sariling isipan(bago itatag ang sanlibutan) upang palabasin ang kaniyang katangian, kung ano Siya…nang paslangin ang Kordero, kasama Niya tayong napaslang. Nang ang dugo ng Kordero ay naapuhap ng Kaniyang Sariling isipan, bago pa itatag ang sanlibutan. Ang pangalan ko at ang pangalan mo ay nasulat na sa Aklat noon pa man! Lahat ng ito ay nasa dakilang isipan Niya. *Infinite* Siya! Kung hindi, bakit Niya pinayagan ito?

69 Alin ba ang higit na makapangyarihan gaya ng sinabi ko, ang Tagapagligtas o ang makasalanan? Alin ba ang malakas? Kung gayon, Ang mas malakas ang nagpapahintulot sa mas mahina. At ginagawa lang Niya iyon para sa Kaniyang Kaluwalhatian.

Nang gawin Niya si Lucifer, alam Niyang magiging Diablo siya! Kailangan Niyang hayaang maparoon iyon upang ipakitang Siya ang Tagapagligtas, ang Cristo. Kailangan Niyang hayaang magkagano'n. Hindi ba't sinabi ng Biblia na lahat ng bagay nagkakalakip sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos? Kaya't ano ang ikinatatakot n'yo? Tayo nang gumawa nang may pusong handang, tumanggap sa anumang maaaring kasapitan natin. Huwag kayong tutulad sa mga mangmang na pinagtabuyang baka na kailangan pang pakiusapan at kumbinsihin! Maging isa kang bayani! Gusto ko iyan. Manindigan kayo!

70 May isang maikling tula na labis na nakatulong sa akin noong ako'y bata pa, ganito ang nilalaman niyon:

"May isang Romano,.

Noong unang panahon;

May isang duwag na nagsabi

Sa loob ng palasyo:

Oh, ligtas ang punong ito

Napakatibay nito,

"Hindi," wika ng bayani,

May paraan ako."

Hayan. Tama 'yan.

71 Kung itinuturo ng Biblia na si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon at magpakailanman…Hindi madali para sa akin ang lumabas sa Tabernakulong ito noong araw na iyon, at lahat na lang ay nagsasabi sa akin na

mga himala; mangusap ka sa mga tao tungkol diyan; hindi naniniwala diyan ang iglesia nila; sila'y mga anak sa labas sa paningin ng Diyos. Ang sabi ng Biblia kung hindi natin matiis ang pag-uusig, mga pagsubok at panlilibak, at mabansagang "holly rollers" at iba pa, kung hindi n'yo iyan kayang tiisin, ay mga anak kayo sa labas at hindi mga anak ng Diyos. Sinasabi iyan ng Biblia.

166 Bansagan mo na akong isang "holly roller' kung gusto mo; bansagan mo na ako ng kahit ano; habang tama ang puso mo sa Diyos, at tumutugma ang aking espiritu sa Biblia ng Diyos, magpapatuloy ako sa landasing ito.

167 Opo, iyan ang paniwala natin. Iyan ang iglesia ng Diyos na buhay, na hindi nakabatay sa teolohiya. Hindi ito nakabatay sa kung anong gawang-taong intelektuwal na kaisipan. Wlang pasubaling nakabatay ito sa hayag na katotohanan ni Jesus Cristo ay anak ng Diyos.

168 Kung ang nasa akin ay isa lamang intelektuwal na kaisipan dahil sa itinuro ng iglesiang Baptist o ng iglesiang Metodista na gawin ko ang "ganito at ganoon" na mga bagay-bagay… Kapag narinig ko ang Bibliang ito, dito ako sa Biblia! Kung nabautismuhan ako sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo pagkatapos ay nabasa ko sa Biblia, at may mangangaral na nagsabi sa akin na walang sinumang nabautismuhan sa Biblia maliban sa pangalan ni Jesus Cristo, at nabasa ko at nakita ko na iyon ay katotohanan, dali-dali akong lulusong sa tubig. Opo.

169 Kung may magsasabi sa akin na si Jesus Cristo ay isang dakilang Mangagagamot, at sasabihin naman ng simbahan sa akin, "Lipas na ang araw ng himala," at nangangailangan ako ng kagalingan, nagmamadali akong dudulog sa altar upang ako'y gumaling. Tiyak iyon.

170 Kung isa kang mangangaral at may kasama akong babaeng mangangaral sa aking pulpito at nabasa ko sa Biblia at nakita ko na ang isa palang babae ay hindi dapat nangangaral, aalisin ko siya roon kahit pa masakit sa kalooban ko.

171 Naalala ko pa noong nakaupo ako riyan sa kinauupuan ni Sister Wright, isang gabi nang may isan babae na gusting magpalayas sa akin dahil ginawa ko iyon. Opo. Ang sabi ko, "Hindi ka maaaring pumasok sa simbahan ko nang ganiyan…" (Noong mauso ang tabas ng damit na mababa ang neckline ng ganito, at ang nakakatawang bagay na iyon na halos ay kita na ang kalahati ng katawan nila.) Ang sabi ko, "Kung sakaling mapasok sila sa simbahan ko, tiyak na palalabasin ko sila!" At mayroong isang babaeng magaslaw doon (Namatay siya pagkatapos noon, at tinawagan niya ako noong naghihingalo na siya. Isa siyang Catolico.) Lumapit siya rito at naupo nang ganiyan. Lumingon ako at nasulyapan ko siya na nakaupo rito at naupo roon. Umaawit sila. Hinubad ko ang amerikana ko, pinuntahan ko siya at ibinalabal sa

159 Ang sabi ko, “saan n’yo nabasa iyan? Ang sabi ni Pablo, ‘Sa mga banal na nasa Efeso at sa kanila na mga tinawag ng Diyos.’ Sa mga banal na nasa Efeso(binabasa niya ang kaniyang liham) at ang mga banal sa iba pang dako , sa Galacia, ang mga banal sa Roma, at iba pa.’ Ang mga banal— ang mga pinabanal. Paano naman iyan?

160 Ang sabi nila, ‘anupa’t hindi natin pagtalunan ang Biblia sapagkat kami ang Iglesia, kung ano ang sabihin ng Iglesia…Hindi mahalaga sa amin kung ano ang sinasabi ng Biblia, ang mahalaga ay kung ano sinasabi ng Iglesia.” Ang sabi nila, “Ano ang iyong palagay kung gayon sa Simbahang Catolico?”

161 Ang sabi ko, “Sana’y hindi n’yo na lang ako tinanong ng ganiyan. Dahil tinanong n’yo ako, sasabihin ko sa inyo ang totoo.”

Ang sabi nila, “Buweno, nais kong sabihin mo sa akin ang totoo.”

Ang sabi ko, “Iyan ang alam kong pinakamataas na anyo ng espiritismo.”

Ang sabi niya, “Paano mong nasabi iyan?”

Ang sabi niya, “Paano mong nasabi iyan?”

Ang sabi ko, “sinumang namamagitan sa mga patay ay isang espiritista.”

162 Ang sabi ko, “kung nakasasagot pa ang santong iyon, kung gayon ay nasa impiyerno siya; sapagkat yaong mga nakatawid na landasin, ayon sa Biblia ko, ay hindi na makababalik pa.” Tama. At ang sabi ko, “kung sinasabi nilang santo iyon, iyon ay diablo na nagsasalitang tulad ng isang santo, at ang totoo ay hindi naman talaga siya santo.”

163 Ang ang sabi niya, “buweno ngayon, sandali lang! Ang sabi niya, “Kahit naman ikaw ay namamagitan din sa mga patay!”

Ang sabi ko, “Saan?”

Ang sabi niya, “Patay na rin naman si Jesus Cristo.”

164 “Ngunit, ang sabi ko, “Nagbangon Siyang muli. Hindi Siya patay, bagkus ay nabubuhay Siya upang mamagitan. Ang tanging tagapamagitan sa Diyos at sa tao.” Ako yaong namatay at muling nabuhay, at nabubuhay magpakailanpaman. Hawak Ko ang mga susi ng kamatayan at ng hades. Ang sinumang may nais, pumarito siya at uminom nang walang bayad sa tubig ng buhay.” Naku, iyan ang Diyos natin!

165 Iyan ang Diyos natin, at ang binhi ng matuwid ay halos maubos na. Mangusap ka sa mga tao tungkol sa mga bagay na ito; mangusap ka sa mga tao tungkol sa pagbalik sa daan ng Biblia; mangusap ka sa mga tao tungkol sa

ganito ang mangyayari at ganoon ang mangyayari. ”Baka mabansagan kang isang panatiko at ipakulong ka nila. Kakalabanin ka ng lahat ng kapisanan ng mga Manggagamot.” Ngunit ang sabi ng Diyos, “Gawin mo!” Sinabi ng Biblia na gayon nga Siya, at ngayon ang apoy ng revival ay nagdiringas sa bawat bansang nasa silong ng Langit! Tama! Manindigan kayo!

“Paano mong hinaharap ang Gawain?
Nangangamba ka bang makibaka?
Kaya mo bang harapin ang hamon sa harapan?
O pagod ka na ba’t hungkag na ang isip?
(Ayaw na ayaw ko ng bagay na iyon!)
“O kaya mo bang suungin ang laban,
Baka naman ang puso mo’y may kaba?
Harapin mo ang mauuna,
Isipin mong kayang-kaya.”

72 Manatili kayo. Siyanga. Buuin n’yo ito sa puso ninyo katulad ni Daniel. Manatili kayo sa Diyos.

“Saan naganap ang lahat ng ito?” “Paanong nangyari ito?” Bakit nagkaganito ang tao?” “Bakit nasa bingit ng kapahamakan?” Brother Branham, ipaliwanag mo sa akin. Bakit naisip mong mapapawi ang lahat ng ito? Napawi na itong minsan. Tama ba? Ang pagkawasak sa baha. (ngayon ay heto na ang ilang bagay na malalim. Humanda kayo sa pagbasa.)

73 Nais kong samahan n’yo ako sa pagbuklat ng aklat ng Genesis, sa ikatlong kabanata. Kung may gusto gayong tuklasin, maipapakita ko sa inyo dito sa aklat ng Genesis, kung saan nagmula ang bawat “kulto”, at bawat “ismo”, at lahat ng bagay na nasa atin ngayon, ay nagpasimula sa Genesis. Ilan ba ang nakaaalam na ang ibig sabihin ng “Genesis” ay pasimula? Siyanga. Makikita natin ang Simbahang Catolico sa pasimula— ang Babilonia, si Nimrod ang nagtatag nito; makikita natin ito sa hulihan ng Biblia; makikita natin ito, pinipilit nilang maglagay ng mga babaeng mangangaral, sa pasimula ng Biblia, pati na ang pagsamba sa maliliit na estatwang yari sa mga ugat ng puno.

74 Ilan ba sa inyo ang nakabasa na ng Hyslop’s Two Babylons, ang kasaysayan? Makikita natin sa mga kasaysayang ito na mayroon doon isang babae…At kung maaalala n’yo ninakaw pa nga ni Jacob and diyos ng

kaniyang ama, at itinago iyon ng kaniyang anak. Dinala nila ang mga iyon doon sa ilang, na siyang nakahawa sa kampamento ng huli.

Basahin natin ngayong sa Genesis.

Ang ahas ay lalung tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At sinabi niya sa sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

At sinabi ng babae sa ahas, sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami:

Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.

At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

Sapagkat talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata,

(Kita nyo? Naghahanap ng bagong liwanag!)

"…at kayo'y magiging parang dios, na nakakakilala ng mabuti at masama."

75 Kita n'yo, kung paanong ang mga taong ito sa araw na ito ay nagpipilit na magbawas sa Biblia. "Aba, kasingdali lang iyan ng pagbubuhos o pagwiwisik, ng ganitong paraan o ganoong paraan…" Hindi po! Naglagay ang Diyos ng isang palatuntunan at iyon ang dapat nating sundin! Ito.

At nang Makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.

At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahonng puno ng igos at kanilang ginawang panapi.

76 Nais kong tumigil dito sandali. Ngayon, mayroong simula ang lahat ng bagay. Ikaw ay mayroong pasimula. Ngayon, dito ko nais ibatay ang kabuuan ng pinag-uusapan natin sa huling dalawang gawaing ito; kaninang umaga ay nagbalik tayo at isinadula nati ang nasa Biblia nang likhain ng Diyos ang lupa, nang buuin Niya ang mga gas, (at ang mga gas ay naging calcium, potash, at iba't-ibang mga bagay) ay nilikha Niya ang iyong katawan. Nang ilagay Niya ang patibayan ng gusali tulad sa isang dakilang tagapagtayo, tulad ng isang kontratista na naglalatag ng kaniyang mga materyales upang bumuo ng bahay. Nilikha Niya ang iyong katawan, at naroon iyon sa lupa. Alam na alam Niya

154 Pagkatapos ay lalabas kayo rito at maghuhubad…suut-suot ninyo ang inyong napakaikling short at lalasuhan n'yo ito…ang inyong baby na ang mga mata ay parang ash tray, may nakasubong sigarilyo sa inyong bibig, naglalakad sa lansangan…at hindi ninyo ginagawa iyan ng mabuti ang inyong hangarin. Maaring totoong inosente ka, datapuwa't kinakasangkapan ka ng Diablo, gaya ng ginawa niya kaya Eva.

155 Bakit ito isang bansa ng babe? Sapagkat hahantong ito sa pangdodomina ng Catolisimo. Ano na ba ito ngayon? Hindi mo na sila maririnig na bumabanggit ng Jesus. "Aba Ginoong Maria." Maria, ina ng Diyos" "Santa Cecilia" at lahat na ng klase ng mga santo, mga patay na santo.

156 Hindi pa katagalan ay naroon ako sa Mexico, noong nagdaang taon. Dumating doon ang isang kawawang babae na kinakaladkad ang mga tuhod niya, (ang balat nito) umiiyak, at magkasalikop ang mga kamay. Kasabay niyang naglalakad ang kaniyang ama, na may karga-kargang dalawang bata, nag-iiyakan sila sapagkat kaya naghihirap ang ina nila ay dahil may isang babae na tinatawag na santa, na namatay. Nagpagawa sila ng estatwa niya doon sa tuktok ng burol. Pinatay siya ng kaniyang mangingibig. Pagpaslang na pagpaslang sa kaniya, ay naging isa na siyang santa. Isa siyang Catolico. Kaya't umano'y magsisisi siya, at kailangan niyang maglakad ng paluhod nang dalawang milya sa baldosa para siya makapagsisi.

157 Kapatid, kung mayroon pa akong kailangan gawin, walang kabuluhan ang pagkamatay ni Jesus Cristo. Sa biyaya ako naligtas, at hindi sa aking sarili, kundi sa kalooban ng Diyos, at sa pamamagitan ng Kaniyang kagandahang-loob at habag…

Tinanong ako ng reporter, "G. Branham…" (May isang patay na sanggol na nabuhay doon sampu ng ilan pang pngyayari.) Tatlumpung libong Catolico… Hindi pala, ipagpaumanhin n'yo, dalawampung libo pala, (doon pala sa Africa ang tatlumpung libo) dalawampung libong Catolico ang tumanggap may Jesus bilang sariling Tagapagligtas sa iisang pagkakataon nang maganap iyon… nakatayo roon sa Mexico City, at hindi maitaboy ng pari, ang napakaraming tao; pagsisimulan iyon ng malaking gulo. Napakaraming tao roon, kaya ang sabi nila,"Ginoong Branham, naniniwala ka bang magagawa din ng aming santo ang nagagawa mo?"

158 Ang sabi ko, "Aba'y oo kung nabubuhay pa sila." (Hindi ka maaring maging isang santo sa Catolico hangga't hindi ka namamatay, alam n'yo.)

Kaya ang sabi niya, "Oh, hindi ka maaring maging santo hangga't hindi ka pa namamatay."

pangyelo. Wala silang kamuangan dito. Ang alam nila…"Cristiano ka ba?" "Catolico ako." "Cristiano ka ba?" "Pentecostal ako." Wala iyang kinalaman dito! Kaya ka naging Cristiano ay dahil iniligtas ka ng Diyos, sa Kaniyang biyaya, at alam mo iyon at may kung anong bumago ng buhay mo kaya nabago ang pamumuhay mo, at isa ka nang bagong tao at niliha kay Cristo Jesus.

150 Tiyak iyon, ngunit nakikita ba ninyo kung nasaan ang binhi ng serpente? Ano ba ang binhi ng serpente? Pakikiapid! Nasundan ba ninyo? Pakikiapid kay Eva. Ano ang nangyari roon? Ano ang nagpalabas doon? Ano nga ba ito sa gabing ito?

151 Balikan n'yo ang nangyari noon ilang taon na ang nakararaan nang unang lumabas ang awiting iyon. Kayong mga may edad na…Dati rati ay sinisensor nila ang mga awitin bago nila phintulutang patugtugin sa radio. At ang unang lumabas ay iyon, "*Roll them. Girlies, roll them; showing your pretty knees. Laugh at Pa and Ma, and give them that old ha-ha-ha*." Iyon ang kauna-unahang pinalusot nila. Nasaan na sa palagay n'yo ang lalaking sumulat ng awiting iyon sa gabing ito? Patay na siya. Ano sa palagay n'yo si C— B— ,na naunang lumabas at ang sabi, "Ang mga panganib ng kurbada" at "hubad na mananayaw" na nagbulid sa libo-libong kaluluwa sa impiyerno? Nasaan na kaya siya ngayon sa palagay n'yo? Matagal na panahon na siyang patay. Nasaan na kaya siya samantalang ang katawan ay nakahimlay roon, agnas na sa alabok? Kinain na iyon ng bulate at uod, at ang kaluluwa niya ay naroon sa harap ng makatarungang Diyos.

152 Nasaan na kaya ang lalaking iyon ng kumuha sa babae at gumawa niyaong mga damit na maruming tingnan na isinusuot nila, na kanilang binabaltak-baltak at hindi sukat sa kanila? Sasabihin mo, "Bakit nila ginagawa 'yon?" "Bakit kayo nagsusuot ng ganiyan?" Dahil gusto n'yong tingnan kayo ng mga lalaki. Wala nang ibang paraan para patunayan iyan.

153 At alam ba ninyo na kapag ginagawa n'yo iyan, at mayroong mga taong makasalanan na tumingin sa inyo, alam mo ba kung nong mang yayari? Doon sa araw ng paghatol…Sasabihin mo, "brother Branham, matapat na matapa ako sa aking asawa." Mahahatulan ka na nagkasala ng pakikiapid! Ang sabi ni Jesus, "Ang sinumang tumingin sa isng babae nang may pagnanasa ay nagkakasala na ng pakikiapid sa kaniya sa puso niya." Kapag nanagot ang lalaking iyondahil sa salng pakikiapid, sino kaya ang lalabas na naging dahilan nito? Ang paraan ng iyong pananamit at pagpriprisinta ninyo sa inyong sarili! Ngayon hindi ko ibig sabihin na magbihis kayo nang mukha kayong galling sa baul ng antigo, datapuwat maari kayong magmukhang kagalang-galang na babae.

sa Kaniyang kaisipan kung ano ang dapat gawin. Ang kamay na ito… Nilkha ng Diyos ang kamay na iyon habang nilikha Niya ang mundo. Ngunit ang kamay na ito at ang katawang ito, ay nilikha Niya nang likhain Niay ang mundo; sapagkat ang katawang ito ang nagmula sa lupa, at magbabalik sa lupa. Nilikha iyon ng Diyos. Nilatag Niyang lahat iyon sa Kaniyang malaking blueprint at sa kaniyang palatuntunan. Ngayon, nang likhain Niya ang lupa, ay nilikha Niya ang tao, tila hindi tama ang hitsura ng tao.

77 At tinalakay natin iyon kaninang umaga at isinadula natin iyon: Kung paanong bumaba ang Ama at tiningnan Niya ang Kaniyang anak, na inanyuan sa Kaniyang wangis, at iba pa. Pagkatapos ay lumikha Siya para sa kaniya ng isang asawang babae, isang katuwang.

77 Ngayon, alalahanin n'yo, na lahat ng mga nilalang sa lupa, si Adan ang nagbigay ng pangalan. Nilikha niya ang baka, ang hayop, at lahat ng bagay. Ngayon tayong mga chronologist pati na ang ibang dakilang matatalinong tao ng agham ay nagsisikap sa loob ng anim na taon na hanapin ang *missing link*. Aba ang hayop na iyon…Ang tao ay itinuring na kabilang sa hayop, alam natin iyan. At ang babae ay bahagi lamang ng lalaki— isang ikalawang produkto. (Ang babae ay hindi kabilang sa orihinal na paglalang. Tumigil na ang Diyos sa paglalang sa loob ng napakaraming taon, hanggang sa lalangin Niya ang babae mula sa tadyang na hinugot sa kaniyang tagiliran.)

79 Pinangalanan ni Adan ang lahat ng mga nilalang at lahat ng iba pa. Ngunit wala siyang katuwang, kung kay't lumikha ang Diyos ng isang katuwang para sa kaniya. Humugot Siya ng isang tadyang sa kaniyang tagiliran, isinara ang sugat nito, at lumikha Siya ng iisang katuwang para sa kaniya. At ang tao sa kaniyang espiritu, ay kapuwa lalaki at babae. Ang babae ay bahagi lamang ng lalaki.

80 Kapag nag-asawa ang isang lalaki, at kung siya ang tamang asawang babae para sa kaniya— isang asawang babaeng ipinagkaloob ng Diyos. Magiging bahagi niya siya.

Iyan ang dahilan kung bakit napakarami nating "katanungan" tungkol sa pag-aasawa. Iyon ay dahil sa paglabas mo at nakakakita ka ng babaeng magaganda ang kulay kapeng mga mata o kaya'y kulay asul ang mga mata o anumang gaya no'n, maganda ang hubog ng katawan ay agad kang nabighani sa kaniya. Sa sandaling magka-anak siya at malagas ang ngipin niya, at mangulubot siya at tumanda na ay gusto mo na siyang palayasin.

81 Ang ilan sa inyong mga kababaihan ay makakasumpong ng binata na makapal ang pamada sa buhok, dahil kalahati ng mantikang pamprito ng nanay niya ay ibinuhos niya rito, kulot; ngunit malalagas ding lahat iyon. Alam ko

‘yan dahil nararanasan ko! Ngunit ano ang nangyayari? Ano iyon. Alam ko ‘yan dahil naranasan ko! Ngunit ano ang nangyayari? Ano iyon? Nabibighani ka roon! Dapat manalangin ka muna, sapagkat ang babae ay kabahagi mo!

82 At kapag niyakap mo na ang isang babae, at napangasawa mo siya, ay makakalikha siya ng isang bakas sa iyo…(Sabihin nating ganito para maunawaan n’yo) at ang ibang babaeng hihilig sa dibdib mo ay hindi lalapat sa bakas na iyon! Pananagutin ka ng Diyos dahil dito. Alalahanin lang ninyo iyan.

83 Kayo na naglalabas ng asawa ng may asawa…Narinig ko ngayon ang tungkol sa isang babae dito sa bayan, ang kawawang nilalang, kilala ko siya…May isang sugarol na binibilhan siya ng magagandang damit at mga bagay-bagay, pilit na nanuyo sa kaniya. Ang isang dalagang gagawa ng ganiyan, ay hindi maituturing na tao! Alam n’yo na hindi ganiyan kababa ang aso, gayon man ang tawag n’yo sa inahing aso ay”slut”. Mas may moral pa nga siya kaysa kalahati ng kababaihan sa Jeffersonville. At ang tawag ninyo sa inahing baboy ay “sow”, samantalang mas mataas ang kaniyang moralidad kaysa sa kababaihan ng Estados Unidos, marami sa kanila. Tama talaga ‘yan.

84 Ngayon alam kong diretsahan ‘yan, at sinabi ko na sa inyo na tutumbukin ko ito nang husto, at nais kong malaman n’yo ito. Iyan ang totoo. Ang mga babae, sa panahong ito ay ni hindi nakakaalam kung ano ang moralidad. Ang sabi n’yo, “Hindi ako nakukunsensya.” Aba, wala naman kayo no’n eh! Opo, samantalang alam n’yo kung ano ang tama at mali.

85 Ang taong ito, nang siya’y lalangin, pinaghiwalay ng Diyos ang kaniyang espiritu at kumuha Siya ng isang piraso mula sa lalaki, mula sa tagiliran, lumalang Siya ng isang babae. Pagkatapos ay kinuha Niya ang pambabae, ang mahinhing espirtu ng lalaki at lumikha siya ng babae mula rito, at ginawa niyang lalaki ang lalaki, malakas. Kapag nakakakita kayo ng isang lalaki, alam n’yo na, na nagma-manicure (o kung anuman ang tawag n’yo ro’n) ng kaniyang mga kuko, (apat sa isa at lima sa kabila). Pinamadahan ng makapal ang buhok, laging nakanganga, at gumagawa ng mga bagay na gaya niyan— ang isa sa mga magagandang lalaking ito— pakatandaan ninyo, siya’y isang bakla, may mali sa ibong iyon! May mali! Makabubuting matiyagan mo siya.

86 At kapg nakakita ka ng isang babae na may nakasubong sigarilyo sa gilid ng kaniyang bibig, nakasuoot ng overall, nagsasabi, “sasabihin ko sa inyo mga pare kung ano ‘yan.” Kapatid, mag-ingat ka sa babaeng ‘yan. May mali sa kaniya.

145 Nakikita ba ninyo kung ano’ng nangyari sa binhi ng babae noon? Nakikita ba ninyo kung paanong nakatawid doon ang binhi ng babae?

Tingnan n’yo ngayon ang America. Ang Americca ang luklukan ng Diablo. Ano ito? Siya ay bansa ng babae. Narinig ninyo, “ito ay daigdig ng babae.” Tama. Ito ay bansa ng babae. Sila ang nagtatakda ng pardon.

146 Nagpunta ako hindi pa katagalan sa Switzerland. Ang sabi ng isang babaeng puspos ng Espiritu Santo, “alam mo, kung pupunta ako sa America ang sabi nila ay may kalayaan daw ang kababaihan doon.” Ang sabi ko, “Sasabihin ko sa ‘yo kung saan ito hahantong.” Sinimulan kong sabihin sa kaniya, at ang sabi niya, “oh parang awa mo na, ayaw ko niyan.” Ang sabi ko, “Diyan hahantong.” Alam mo, iba ang gawi nila roon kaysa rito. Ano iyon?

147 Ipakikita ko sa inyo kung bakit ang America ay isang babae. Nasa barya natin ang larawan ng isang babae. Lahat ng bagay dito ay babae. Sabihin mo sa akin, “Hind sapat ang dami ng mga pook-inuman sa buong bansa. Maglagay ka ng 40 pook-inuman sa lungsod na ito at ng tatlong patutot, magagandang babae, na kumikendeng sa lansangan. Mas marami pa silang ibubulid na kaluluwa sa impiyerno sa dahilang nagnasa sila sa kanila kaysa pagsama-samahin mo ang lahat ng pook-inuman sa lungsod. Tama talaga ‘yan.

148 Sino nga ba iyon? Ang babae. Ano nga ba siya? Siya ang diyos ng America.

Tingnan n’yo ang mga actor sa pelikula na nagsisiparito, apat o limang beses nang ikinasal, nakikisama sa tatlo o apat na asawa nang sabay-sabay. At inilalantad sila ng mga babasahing ito, kinukunan sila ng litrato nang nakahubad, at pagkatapos kayong mga kabataang babae, ginagawa n’yo silang halimbawa? Bakit? Sapagkat marahil ang inyong ina, ang iyong lola na nauna sa iyo…

149 Nakikita ba ninyo kung saan gumagawa ang binhi ng serpente? Tiyak iyon. At ano na ang ibinunga nito? Kung ang kasalanan ay pinagbabayaran hanggang sa ikalabing-apat na salinglahi sa ilalim ng kautusan, paano kayang pagbabayaran ang kasalanan sa araw na ito? Kung kailan ang binhi ng matuwid ay halos maubos na; at sinabi ng Diyos na darating ang oras na kung hindi Niya paikliin ang panahon, ay wala nang matitira sa kanila. Narito na tayo sa huling panahon!

Maghanap kayo ng taong matuwid ngayong gabi. Libutin n’yo ang buong lungsod. Oh, makasusumpong kayo ng mga miyembro ng iglesia na tapat sa Baptist, Presbyterian, at iba pa, sa abot ng kanilang makakaya. At wala silang kamalayan sa Diyos gaya ng isang kuneho na hindi makapagsuot ng sapatos na

hanggang kay Achab hanggang kay Judas Iscariote. Doon iyon humantong—sa anticristo. At dito sa huling araw, naririto ang espiritu ng anticristo at ang Espiritu ni Cristo. Ang espiritu ng anticristo ay nagsasabi, "ang mga araw ng himala ay lipas na." Ang Espiritu naman ni Cristo ang nagsasabi, "Siya ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ang espiritu ng anticristo ang nagsasabi, "Walang kaibahan kung magpabautismo ka sa Ngalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo; o kung ikaw ay binuhusan, winisikan, o anuman 'yon. Pareho lang 'yon." Ang sabi ng Biblia ay hindi nabibigo ang Diyos, at hindi Siya nagbabago. Sino ngayon ang paglilingkuran mo? Nasa iyo na iyon.

142 Ngayon sasabihin mo, maari ba silang magsama sa iisang tirahan? Ang sabi mo ay nasa loob sila ng daong, Brother Branham. Pinagsama mo doon sa loob sina Cham at Sem" Tama iyan, tama talaga iyan. Si Cham ay masama. Si Sem ay makadiyos at matuwid. Tama, sundan natin si Cham.

Tama, naroon sina Cham at Sem sa iisang daong. Ang isa ay matuwid, at ang isa ay hindi matuwid. Magkasama ang uwak at ang kalapati sa iisang daong. Magkasama si Judas at si Jesus sa iisang iglesia. Magkakasama ang anticristo at ang Espiritu Santo sa iisang iglesia. At sa araw na ito patuloy pa rin ang pagkilos ng mga espiritung iyon, na may anyo ng kabanalan—napakarelihiyoso, ngunit "may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang kapangyarihan Nito. Magsilayo kayo sa kanila."

143 Ang sinasabi ng Espiritu Santo ay hindi nagbabago si Jesus Cristo kahapon, ngayon at magpakailanman…Saan ka papanig?

Sinasabi ng anticristo na isa lamang itong aklat ng kredo. "Dasalin lang natin ang *Apostles' Creed."* Hinahamon ko ang sinumang mangangaral na ipakita sa akin kung saan matatagpuan ang *Apostles' Creed* sa Biblia.

"sumasampalataya ako sa Diyos Ama makapangyarihan sa lahat, na lumalang ng Langit at lupa. At kay Jesus Cristo, na Kaniyang Anak. Sumasampalataya ako sa Santa Iglesia Catolica Romana, at sa pamamagitan ng mga banal." Saan n'yo makikita iyan sa Biblia? Gayunman dinadasal ninyo iyan sa inyong naglalakihang Simbahang Metodista at Baptist. "yan ay doktrina ng demonyo at mga bulaang propeta ang nagtuturo niyan!

144 Sana ay hindi ako nakakasakit ng inyong damdamin, ngunit idinidiin ko iyan dito sa tabernakulong ito. Sa inyo na tagarito sa Branham Tabernacle, layuan n'yo ang bagay na 'yan! Anumang bagay na nagpapahayag ng paniniwala sa pakikipag-ugnayan sa mga santo ay espiritismo. Isa lang ang tagapamagitan sa Diyos at sa tao at iyon ay ang Taong si Jesus Cristo. Hindi mahalaga sa akin kung ilan pa ang Maria.

Ang babae ay dapat magpakababae, at dapat siyang manumit tulasd ng isang babae! Nang likhain ng Diyos ang lalaki, naiiiba ang pagkakalikha sa kaniya; at iba pa rin naman ang pagkakalikha Niya sa babae. At nang daitan ng Diyos ang lalaki, dinamitan Niya siya sa isang paraan; at iba naman ang sa babae. Ang sabi ng Biblia ay karumal-dumal sa isang babae ang magsuot ng kasuotang nauukol sa lalaki!

87 At kayong mga babae, na nagsusuot ng pantalon at iba pa, at isinusuot ninyo iyon dito…Ano na nga ba ang tawag doon? "Knikerbockers"

…Hindi, hindi shorts iyon, mahaba iyon, mga pedal pusher at mga overall! Mga dungaree!

Ang sabi nila, "Pambabae naman ito, eh."

Ang sabi ko, "Hindi , nagkakamali kayo. Hindi nagsusuot ng ganiyan ang mga babae." Maari pa ang babae, ngunit hindi ang mga babaeng kagalang-galang. Tama. Ang sabi ng Biblia ay karumal-dumal sa babae ang magsuot ng ganiyang kasuotan.

88 At gayundin naman ang lalaki na magsusuot ng kasuotang nauukol sa babae…! Ang lalaki ay nagmumukhang binabae bawat araw at ang babae naman ay nagmumukhang lalaki. Ano na ang nangyayari? (Malalaman nating lahat sa loob ng ilang minuto, sa pamamagitan ng Biblia.) Hindi na babae ang mga babae. Hindi kayong mga kababaihang Cristiano ang tinutukoy ko. Ang ipinangungusap ko ay ang pangkalahatang kalakaran. Nais nilang kumilos tulad sa mga lalaki. Nais nilang magpagupit ng gupit lalaki, hahawak ng mikropono at awit ng *God bless America* nang may nakasubong sigarilyo sa gilid ng bibig.

89 Lumabas kayo sa lansangan, doon sa highway…May sasabihin ako sa inyo. Kayong mga babaeng drayber, makinig kayo. Si Billy Paul at ako nitong huling kampanya naming ng buong bansa, sa loob ng anim na buwan, binilang ko kung gaano karami ang aksidente sa lansangan…sa tatlong daang sakuna sa kalsada, ilang babae sa palagay n'yo ang sangkot? Labingsiyan lang sa kanila ang lalaki, at wari ko'y dalawang daan at walumpu't-isa ang babaeng drayber.

90 Ngayon, hindi ko sinasabing walang babaeng mahusay magmaneho. Ngunit basta na lang siyang liliko, at subukan mo lang siyang sitahin. Lalo na kung maganda siya at tatayo siya roon, aayusin niya ang buhok niya 'pag may lumapit napulis. "Aba," sasabihin niya, "talagang mali ka." Wala tayong batas na umiiral. (Napatunayan nila iyan noong isang araw sa kaso ko tungkol sa tax na kasalukuyan kong kinakaharap.) "Wala tayong batas na umiiral."

91 Hindi nakapagtatakang sinabi ng dakilang Pinuno ng Inglatera, "puro layag lang ang Demokrasya walang angkla." Tama iyan, panay lang ang tayo nila sa entablado at nangangampanya tuwing eleksyon. Bulok na ang demokrasya, at gayundin ang mga diktador at lahat ng iba pa sa kanila. Bulok na ang lahat. Wala nang maaring gawin pa ang Diyos kundi ang was akin ang lahat ng ito gaya ng sinabi Niya, at magpasimula Siyang muli.

92 Masdan n'yo kung gaano na kayo kalapit sa pagdating! Ngayon, ang babaeng ito, gumawa Siya ng isang katuwang para sa kaniya, at dapat maging katulong niya siya.

Ngayon, wala pa akong nakakasundong mangangaral tungkol dito. Pinipilit nila itong ibahin para sa akin, wala itong katuturan. Pinipilit nilang sabihin na kumain ng mansanas sina Eva't adan. Kapatid, hindi ko sinasabi ito para magbiro, ngunit nais kong sabihin ito para… kung ang pagkain ng mansanas ang dahilan para mapagtanto ng mga babae na nakahubad sila, mabuting mamigay uli tayo ng mansanas!

93 Alam n'yong tama iyan. Alam n'yo na ang pagkain ng mansanas… Hindi iyon ang ginawa nila. Naging dahilan iyon upang mapagtanto nila na nakahubad sila! Iyak na hindi ganoon 'yon. Sex ang sanhi niyon. Iyon talaga iyon, sapagkat napagtanto nila na nakahubad sila nang kanin ang bawal na bunga.

Hindi ba't ang babae ay isang punongkahoy na namumunga? Hindi ba't ikaw ay bunga ng iyong ina? Iyon ang bunga na ipinagbawal na kainin!

94 Ngayon, narito ang isang dakilang bagay. Ang pinakamalapit na narating ng agham sa pagkakaalam kung ano ang hitsura ng tao noon ay…naghuhukay sila ng mga lumang buto; kumukuha sila ng fossil, kumukuha sila ng mga ulo; at kumukuha sila ng mga bungo, braso at mga buto at pinipilit nilang magmukha ito ng tao. At alam nila na ang pinakahawig sa anyo ng tao na natuklasan nila…Ang pinakahawig dito ay chimpanzee. Siya ang uri ng hayop na pinakahawig sa tao.

95 Ang pinakamababang anyo ng buhay ay palaka. Ang pinakamataas na anyo ay tao. Nagpasimula ang Diyos sa pinakababa at unti-unti siyang pumanhik hanggang sa umabot siya sa Kaniyang larawan. Sinimulan Niya ang paglikha mula sa mag ibon at mga hayop at pataas ng pataas hanggang sa umabot Siay sa wangis ng Diyos. Nilikha Niya ang tao sa wangis na iyon, at iyon ang pinakamataas na anyo. Ang pinakamababang anyo ay ang butete na nagiging palaka at iba pa.

96 Ngayon, ang missing link na ito, na hindi nila Makita… Masdan n'yo ngayon ang Kasulatan! Hindi kayo sasang-ayon dito, marami sa inyo; ngunit

iimbento sila ng mga bagay-bagay. Pinanday nila ang iba't-ibang uri ng metal, nagsipagtayo ng mga bahay, at iba pa. Iyan ang sabi ng Kasulatan. Kinukutya ang binhi ng babae— si Noe, ang matuwid. Tama ba?

138 Sundan pa natin sila ng kaunti. At makikita natin na naroon sila sa panahon ng daong. Lahat ay napahamak— dumagsa ang kasalanan sa kanila. At sila ang humawak ng pamamahala, at sila ang pinakamahuhusay at pinakamatatalino. Nang tumingin ang Diyos sa lupa, kakaunti na lamang ang natitira, kaya't inilagay Niya si Noe sampu ng kaniyang pamilya sa loob ng Daong, nagpaulan Siya at pinahamak Niya ang lahat. (Bago pa iyon ay kinuha na Niya si Enoc.) Tama ba? Naroon ang lahat ng binhi, halos lahat ng binhi. Ngunit ang layunin Niya ay kailangang matupad.

139 Ngayon si Noe at ang kaniyang mga anak na nagsilabas— sina Cham, Sem at Japhet, ay nagmula sa hanay ng matuwid. Paanong nakapagpatuloy ang masamang binhi? Ang binhi ay nakapasok sa daong, gaya ng nangyari sa pasimula, sa pamamagitan ng babaee. Ang mga asawa nila. Dinala nila ang binhini Satanas sa daong, gaya ng dinala ni Eva ang binhi ni Satanas upang isilang si Cain— sa mapamagitan ng babae. At pagkatapos ay pinatatayo n'yo ang mga babae sa inyong entablado bilang mga mangangaral! Kinukundena ito ng Biblia! Ang sabi ni Pablo, "kung iniisip ninuman na isa siyang propeta o taong spiritual, lilalanin niya na ang isinusulat lo ay pawing utos ng Panginoon; datapuwa't kung siya ay mangmang ay manatili siyang mangmang." (1Corinto 14:37-38)

140 Iyan ang dahilan kung bakit umalis ako sa simbahng Baptist dito. Si Brother F— na narito kanina, wari ko'y narito siya noong gabing iyon nang si Doctod D— ang sabi, "Tumayo ka rito at ordinahan mo ang mga babaeng ito bilang mangangaral."

Ang sabi ko, "Hindi ko magagawa. Hinding-hindi."

Ang sabi niya, "Buweno, itatakwil kita."

Ang sabi ko, "Matagal na akong natakwil."

Ang sabi ko, "ito ang Salita ng Diyos, at kinukundena nito ang bagay na iyon. At hindi ko magagawang suportahan ang isang bagay na kinukundena ng Diyos." Hindi po, ang sinumang gagawa nito ay nagpapakita lang na sila'y mga bulaang guro, mga bulaang propeta. Sinabi ng Biblia na magkakagayon, dadayain ang pinakahirang kung maari lang. Hayan.

141 Pansinin ninyo ito. Mula roon ay lumabas si Cham at ang kaniyang asawa at ang mga kasama nila. Napasailalaim siya sa isang sumpa. Mula kay Cham ay lumabas si Nimrod , na siyang nagtayo ng Babilonia. Mula sa Babilonia ay lumabas ang simbahang Catolico— iyon ang pasimula nito. Nagpatuloy iyon

kaniya ay pagpapalain, at ang sinumang sumumpa sa kaniya ay susumpain." "Kinuha kita, Jacob.." Nasumpungan siya sa isang banyagang lupain. At kung papaanong binulabog ng agila ang kaniyang pugad, ay binulabog Ko siya at inilabas." Aleluia! "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng lakas, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu sabi ng Panginoon."

134 Masdan n'yo kung papaano itong humantong sa kasakdalan. Ang mga Espiritung iyon ay humantong sa kasakdalan kay Cristo. Sa lahat ng mga Patriarka tungo sa iba pa. Ano man ang nagawa nila, anuman ang nasabi nila., anuman ang nagawa nila, walang pasubaling sila ang binhi ng matuwid.

135 Nang ang matuwid na si Abraham…Oh, napakaganda ng pakiramdam ko! Nang makatagpo ng matuwid na si Abraham si Melquisedec, na Siyang Diyos…Sino ba si Melquisidec? Ang Hari ng Salem, ibig sabihin ay Hari ng Jerusalem. Hari ng Kapayapaan. Wala Siyang ama. Wala siyang ina. Walang pasimula ang kaniyang kaarawan at walang wakes ang kaniyang buhay. Sino man Siya, Siya'y nabubuhay pa rin hanggang ngayon. Hindi Siya ipinanganak. Hindi Siya mamamatay. Wala Siyang ama o ina. Walang pasimula ang Kaniyang kaarawan at walang wakes ang Kaniyang buhay? Sabihin mo sa akin kong sino Iyon. Ang walang hanging Diyos! — Na nasa kung tawagin natin ay *theophany*. Hindi Siya isang kathang- isip lamang, kundi isang bagay iyon na naipamalas. Gaya ng nagtungo Siya kay Abraham sa kaniyang kubol, tulad sa isang anghel, at nanghula Siya at sinabihan Niya si Sara. Natawa siya sa Kaniyang likuran, at iba pa. Iyon din 'yon. At narito Siya. Nakatagpo Niya si Melquisedec, at si Abraham na lolo ng lolo ni Levi, sa binhi ng matuwid, ay nagbayad ng ikapu kay Melquisedec, at ibinilang iyon sa kaniyang apo sa tuhod. Ang binhi ng matuwid!

136 Ngayon heto naman ang binhi ng serpente. Alalahanin n'yo, magkakaroon ng alitan, pakikipagbaka sa pagitan nila. Dumating ang binhi ng serpente, at ano ang ibinunga nito? Ngayon, kunin natin ang ilang mga naunang taon. Ngayon masdan n'yo kung ano ang nangyari. Babasahin natin ito hanggang sa huli dahil sinuri ko ito.

137 Ang ibinunga ng binhi ng serpente ay si Cain. Nagtungo si Cain sa lupain ng Nod at nagkaanak siya ng mga higante, at pagkatapos ay nagtungo sila sa lupain ni Noe. Mahuhusay sila, mga edukado, mga matatalinong tao. Tama ba? Mga tagapagtayo sila ng gusali, mg imbentor, mga scientist— hindi sila nagmula sa binhi ng matuwid, kundi sa binhi ni Satanas, ang serpente. Ang mga taong iyon ay mga scientist, mga tagapagtayo ng gusali, at mga taong bantog— mga tagapagturo, iyan ang sabi ng Kasulatan. Nagsigawa sila ng mga tanso, nagsigawa sila ng mga bakal at nagsigawa sila ng mga metal. Nag-

nais lamang naming na itanim n'yo sa isip n'yo ito at huwag ninyong isasara ang isip ninyo dito.

97 Makinig kayo, alam ko na nito lang ay nakinig ang marami sa inyo kay Duktor D— ang isang taong may ganiyang kalibre, isang kapatid na Baptist… At totoong pinhahalagahan ko siya. Higit ang kaniyang katalinuhan at dunong na ang mga bagay na nalimutan niya ay higit pa… kaysa sa maari kong matutunan, sapagkat isa siyang Doctor of Divinity, isa siyang manggagamot, at isang dalubhasa sa agham. Isa siyang marunong na tao, datapuwa't ang sinasabi niya, nang Makita raw ng mga anak ng Diyos ang mga anak na babae ng tao na sila ay magaganda…Sumasang-ayon sa paniwala ni Josephus at ang sabi ay lumukob sila sa mga katawang-tao at nagsikuha sila ng asawang babae; at noon ay mayroong mga higante sa lupain ng Nod. Nagsikuha sila ng asawang babae at kinasama nila sila, nang Makita ng mga anak ng Diyos, mga anghel na nalugmok, ang mga anak na babae ng tao, at naging napakasidhi ng kanilang pagnanasa sa sex, gayon man dahil sila'y makasalanan gawa ng kanilang pagkalugmok, ay lumukob sila sa katawan ng tao.

98 Kung ganoon ang ginawa nila, sisirain nila ang Divine Healing at sisirain nila ang lahat ng bagay. Kung makalilikha ang Diablo, kapantay siya ng Diyos. Hindi nakalilikha and Diablo. Nais kong pakitaan n'yo ako kung saan mababasa na ang Diablo ay nakalikha. Hindi niya kayang lumikha! Nililiko lamang niya kungano ang nilikha na. Hindi siya manlilikha. Isa lamang siyang tagliko.

99 Buweno, kung gayon, ano ang nangyari? Masdan n'yo. Ito naman ang sa akin. Heto ang missing link!

Ngayon, ayon sa kanila ay chimpanzee raw iyon, ngunit hindi mo maaring pag-asawahin ang isang chimpanzee at ang isang taong babae pagkatapos ay magka-anak sila. Hindi mo maaring palahian ang tao sa anumang hayop. Hindi maaring maghalo ang lahi nila. Hindi ka maaring magsalin ng dugo sa hayop.

100 Noong nasa Africa ako.. Ganoon na lang nila tratuhin ang kawawang taong itim! May nagsabi sa akin, "Ngunit, mga hayop lang naman talaga sila."

Ang sabi ko, "Pakiulit mo nga. Tao rin silang kagaya mo, marahil ay higit pa nga sila sa iyo." Hayaan mang sabihin ko sa iyo, kapag ganiyan ang asal mo, nagbabalik ka sa pagiging hayop. Ang sabi ko, "Ang taong iyon, Kahit pa nga kasing-itim siya ng alas na espada, o kasing dilaw siya ng kalabasa, o kasing-asul siya ng tina, maari niyang iligtas ang buhay mo kung sasalinan ka niya ng dugo.' Ngunit huwag na huwag kayong magpapasalin ng dugo ng hayop! Siyanga, isa siyang tao.

101 Dahil ang kulay ng balat ng isang tao ay itim, at ang isa naman ay kayumanggi, at ang isa naman ay dilaw, at ang isa'y puti, wla iyang kinalaman dito. Ang sabi ng Biblia, "Nilalang ng Diyos ang lahat ng tao na iisa ang dugo." Tama tlaga 'yan

102 Ang mga lugar na tinitirhan natin na nagiging dahilan ng pagkakaiba-iba ng mga kulay natin ay walang kinalaman dito. Nilikha ng Diyos mula sa isang tao ang lahat ng mga bansa,,iisang dugo. Ang lahat ng bansa ay magkakatulad. Hindi maaring sabihin ng isang taong-itim, o hindi maaring sabihin ng isang negro na, "Ngayon, ang Tsinong iyon, dilaw siya at hindi ako makikisama sa kaniya." Kapatid mo siya. At ikaw na taong puti, hindi mo maaring sabihin sa taong-dilaw o sa taong-itim sinuman sa kanila, "Ayaw kong makisama sa iyo. " Kapatid mo siya. Tama talaga.

103 Ganito ang nangyari, sa paniwala ko, at kaya ko itong susugan sa pamamagitan ng Biblia, na kagagawan iyon ng serpente! Ang serpente ang nawawalang persona sa pagitan ng chimpanzee at ng tao, sapagkat— makinig kayo, pansinin n'yo ito ngayon— ang serpente noon ay hindi isang reptilya. Siya ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop sa parang.

104 Kumuha ako ng diksyunaryo kanina galling kung saan-saan upang hanapin ko ang kahulugan ng salitang "subtil". Ang ibig sabihin nito ay maging marunong, maging mahusay. Ang pinakatamang magpapaliwanag ng salitang Hebreo na m-a-h-ah(*mahah*) ay nangangahulugang nagtataglay ng tunay na kaalaman tungkol sa mga prinsipyo sa buhay.

105 Ngayon, masdan natin ito sandali. Marunong siya, napakahusay. Gayon man ay tinawag siyang "serpente". Ngunit alalahanin n'yo siya ang pinakamarunong sa lahat, at pinakakatulad ng tao sa lahat ng naroroon sa parang— pinakahawig ng tao. Hindi siya reptilya. Naging reptilya lang siya dahil sa sumpa. Ayon sa Biblia siya ang pinakamaganda sa lahat.

106 Hindi nagawa ng sumpang alisin lahat ng kaniyang kagandahan— sapagkat hanggang ngayon ay maganda pa rin ang makinang na kulay nito. Ang magandang pakilos niya at ang kaniyang katalinuhan…Hindi iyon nagawang alisin ng sumpa. Ngunit alalahanin, sinabi sa kaniya ng Diyos na mawawala ang kaniyang mga binti at gagapang siya sa kaniyang tiyan. At hindi ka makakakita ng isa mang buti sa ahas na hawig sa buto ng tao, iyan ang dahilan kung bakit ligawa ang agham. Ngunit hayon siya.

107 Itinago iyon ng Diyos sa mga mata ng pantas at matatalino at ipinangako Niyang ihahayag ito sa mga anak na lalaki ng Diyos sa mg a huling araw, kung kalian ang mga anak ng Diyos ay maihahayag na. Kapag ang mga anak ng Diyos na nagbunying kasama Niya bago itatag ang sanlibutan, kapag ang

kung gayon ay dapat mamatay siya dapat sana ay hindi na nakapagpatuloy ang lahi ng tao. Tiyak na mayroon silang mga anak na babae. Ang napangasawa niya ay sarili niyang kapatid na babae.

130 Nagtungo siya sa lupain ng Nod at nag-asawa; at nang mapangasawa niya siya, doon na nila nasumpungan ang mga naglalakihang higanteng iyon, na walang iba kundi mga nalugmok na maga anak na lalaki ng Diyos na lumabas sa pamamagitan ng kanilang ama, ang diablo sa pamamagitan ni Cain. Iyan ang missing link!

At masdan ang binhi ng serpente. Alalahanin n'yo na ang binhi ng serpente ay relihiyoso. Masdan n'yo ang kaniyang pagkilos sa loob ng ilang minuto. Naririto ang binhi ng serpente. Ano ang nangyari sa kanila? Ngayon, may babasahin ako rito na isinulat ko kaninang hapon. Ano naman ang lumabas sa hanay ni Abel? Pakinggan n'yo ito.

131 Dumating si Abel. Pagkatapos ni Abel ay dumating si Set. Pagkatapos ni Set ay dumating si Noe. Pagkatapos ni Noe ay dumating si Sem. Pagkatapos ni Sem ay dumating si Abraham. Pagkatapos ni Abraham ay dumating si Isaan. Pagkatapos ni Isaac ay dumating si Jacob. Pagkatapos ni Jacob ay dumating si Juda. Pagkatapos ni Juda ay dumating si David. Pagkatapos ni David ay dumating si Cristo. Tungo sa kasakdalan!

Masdan n'yo kung paanong namuhay ang Espiritu ng Diyos kay Abel. Tingnan n'yo kung paanong namuhay kay Set. Tingnan n'yo kung paanong namuhay kay Juda. Tingnan n'yo kung paano iyong namuhay kay David. Tingnan n'yo ang iisang Espiritu na nananawagan sa mga binhi ng matuwid hanggang sa huli. Kahit ano pa ang nagawa nila, sila ay nakatalaga.

132 Tingnan n'yo si Jacob! Isang marumi…Hindi ko sinasabi ito nang walang pagturing, datapuwa't si Jacob ay isang mahiyain na laging nakabuntot sa laylayan ng damit ng kaniyang ina, pagala-gala siya— isang batang parang bakla, nagsuot siya ng mga bagay-bagay. At pumaroon siya at dinaya ang kaniyang ama para makuha niya ang basbas ng kaniyang ama. Datapuwa't ipinagkaloob na iyon sa kaniya bago pa itatag ang sanlibutan! Siyanga. At pagkatapos ay nagsinungaling siya sa kaniyang biyenan at kumuha siya ng mga batikang tangkay ng puno (tangkay ng punong poplar), at inilagay iyon sa tubig upang takutin ang mga baka nang magsipagbuntis sila, para magkaanak sila ng bakang batik-batik, upang makapandaya siya at mapasakaniya ang mga bakang iyon. Pinagpala siya ng Diyos sa bagay na iyon! Tama! Sa aba ng sinuman na pupula kay Jacob.

133 Alam n'yo ba kung ano ang sinabi ng bulaang propeta —sapagkat tama ang kaniyang hula— si Balaam…Ang sabi niya, "Ang sinumang magpala sa

siya ng altar, inilagay niya roon ang kaniyang mga bulaklak— naglagay siya roon ng mga bungang-kahoy na mula sa parang— inalay niya iyon sa Diyos, at ang sabi, "Hayan, Panginoon. Ang alam ko ay kumain kami ng mansanas. Iyon ang naging dahilan nito."(Aba iba niyang mga kalahi ay ganito rin ang iniisip. Nagpapakita kung saan ito nagmula.)

125 Dinala niya ang kaniyang mansanas mula sa parang, nilapag ang mga iyon sa altar at nagsabi, "Ito ang magsisilbing kabayaran."

Ang sabi ng Diyos, "Hindi iyon mansanas."

126 Ngunit sa pamamagitan ng espiritual na kapahayagan, batid ni Abel na dugo iyon. Kaya't nagdala siya ng isang kordero, nilaslas niya ang lalamunan nito, at ito'y namatay; at ang sabi ng Diyos, "Tama iyan, iyan ang naging sanhi. Dugo iyon." (Alam n'yo kung anong dugo ang tinutukoy ko.) Mabuti, dugo ang naging sanhi niyon. Ngayon ay masdan.

127 At nang Makita ni Cain na tinanggap ang kaniyang kapatid na holy roller sa harap ng Diyos, at may nakitang mga tanda at kababalaghan doon, nanibugho siya sa kaniya. Ang sabi niya, "Patitigilin natin ang mga bagay na ito ngayon din!" Tingnan n'yo ang kaniyang mga kapatid. Tingnan n'yo ang mga anak niya ngayon. "Mas mahusay ako kaysa sa kaniya." Kaya't nagalit siya. Saan nagmula ang galit? Masasabi ba ninyong galit iyon? Pinatay niya ang kaniyang kapatid. Isa siyang mamamatay-tao?

128 Si Adan ay anak ng Diyos. Sinabi ng Biblia na si Adan ay anak ng Diyos, (Lucas 3:38) ang dalisay na pinagmulan noon. Si Adan ay anak ng Diyos, at ang paninibugho at inggit at lahat ng iyon ay hindi maaaring magmula sa dalisay na agos na iyon. Iba ang pinanggalingan niyon. At nagmula iyon kay Satanas, na isang mamamatay-tao sa pasimula pa lamang. Sinabi ng Biblia na siya ay— isang sinungaling at isang mamamatay tao

Sa pasimula pa. Hayan na. At pinatay niya ang kaniyang kapatid.

129 Iyan ang hipo ng kamatayan ni Cristo. At mula roon, ano pa't pinalitaw niya si Seth bilang kapalit niya. Ang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Cristo. (masdan, heto na ang mga higante.) At nagtungo si Cain sa lupain ng Nod.

Kung ang kaniyang ama ay isang napakalaking higante, ano kaya ang hitsura ni Cain? Ang ama niya. Nagpunta siya sa lupain ng Nod at dinala niya ang isa sa kaniyang kapatid na babae. Iyon lang ang posibleng nangyari. Wala nang iba pang maaring panggalingan ng mga babae maliban kay Eva. Ang sinasabi nila ay nagkarooon sila ng pitumpung mga anak na lalaki't babae. Kung walang babae…(Hindi itinatala ng Biblia ang mga babae kung sila ay ipinanganak, mga lalaki lang). Kung wala nang ibang babae maliban kay Eva,

dakilang kapahayagan ng pagkadiyos sampu ng mga bagay na ito ay maipabatid sa huling mga araw, ipahahayag Niya ang mga bagay na ito sa mga anak ng Diyos. Alam Ninyo na itinuturo iyan ng Kasulatan. At narito na nga tayo.

108 Iyan ang dahilan kung bakit binubuksan ng Diyos ang mga bagay na ito sa atin. Ipinahahayag ng Diyos ang Kaniyang mga anak. Nilalampasan

Niya ang mga limitasyon ng makataong karunungan tungo sa espiritual na mga kapahayagan at ipababatid ito.

109 Hindi ba't noon pa natin itinuturo sa Bibliang ito, "ito'y para sa kaniya na may karunungan." Hindi kung ano ang natutunan niya sa seminaryo, kundi kung ano ang natutunan niya sa kaniyang pagluhod sa harap ng Diyos, at kung ano ang kinalugdan ng Diyos na ipagkaloob sa kaniya. Mga anak na lalaki ng Diyos na naipapahayag.

110 Narito ang serpente. Ngayon, ganito noon ang serpente. I bibigay ko sa inyo ang paglalarawan ko sa kaniya.

Nag-umpisa tayo kanina sa palaka tungo sa butete, at nagpatuloy tayo hanggang sa umabot tayo sa unggoy, sa chimpanzee; at mula sa chimpanzee ay tumalon tayo mula sa chimpanzee tungo sa tao. At nagtataka tayo kung bakit. "Buweno," ang sabi ng agham, "sandali lang, magagawa naming palahian ang taong babae sa unggoy at ganoon din ang unggoy sa tao, at maaring lahian ng tao ang unggoy." Hindi iyan mangyayari. Magpalahi kayo ng iba pang hayop. Hindi rin maaari. Hindi maghahalo ang kanilang dugo. Kunin n'yo ang dugo, magkaibang-magkaiba ang mga dugo nila. Mayroong isang uri ng dugo sa pagitan nila, at hindi nila masumpungan ang hayop na iyon. Aleluia! (Nag-umpisa nang maging relihiyoso ang pakiramadam ko ngayon!)

111 Aba, itinago iyon ng Diyos sa kanila! Walang isa mang buto sa ahas na kahawig sa buto ng tao. Iniba Niya nang husto ang hitsura niya upang hindi ito matuklasan ng matalinong tao.

112 Ipapakita ko sa inyo kung saan nagmula ang mata linong tao. Kung nasaan na nga ba siya ngayon. Hindi ito maaring dumaan sa kaniya. Kailangang dumating ito s pamamagitan ng kapahayagan. "ikaw ang Cristo ang Anak ng Diyos na buhay." " Sa ibabaw ng batong ito, itatayo Ko ang aking iglesia, at ang pintuan ng Hades ay hindi makakapanaig laban dito." (Mateo 16:13-18) Ang spiritual na kapahayagan.

113 Paanong nalaman ni Abel na kordero ang kailangang ihandog at hindi ang katulad ng inihandog ni Cain, na mga bunga ng halamanan sa parang. Inihayag sa kaniya iyon sa spiritual na paraan.

Hindi mo ito makukuha sa seminaryo. Hindi mo ito makukuha sa pamamagitan ng denominasyon. Makukuha mo ito mula sa Langit.

114 Ngayon, masdan n'yo ang serpente. Ang serpenteng ito na siyang nauna natin. Ilarawan natin siya ngayon. Isa siyang malaking nilalang. Nasa pagitan siya ng chimpanzee at ng tao. Ang serpente, ang Diablo, si Lucifer, alam niya na iyon lamang ang dugong maaring humalo sa dugo ng tao. Siya lamang ang tanging nilalang na maari niyang gamitin. Hindi niya maaring gamitin ang chimpanzee. Hindi maghahalo ang dugo nila. Hindi siya maaring gumamit ng iba pa. Hindi niya maaaring gamitan ang iba pang hayop. Kailangang gamitin niya ang serpente.

115 Pag-usapan natin siya ngayon, at tingnan natin kung ano ang hitsura niya: Isa siyang napakalaking nilalang, isang *prehistoric* na higante. Kaya nakakatuklas sila n malalaking buto, at ipapakita ko ito sa inyo sa Biblia. Ngayon, masdan n'yong maigi ang napakalaking nilalang na ito— ipagpalagay nating sampung talampakan ang taas niya. Malalapad ang kaniyang balikat, hawig na hawig siya sa tao. At ang kaniyang dugo, nang siya'y gumapang, maaring humalo ang dugo ng mga hayop sa isa't-isa.

116 Maari mong paghaluin ang lahi ng mga hayop. Pataas ng pataas ang uri ng kanilang dugo, pataas ng pataas ang anyo ng buhay, pataas ng pataas ang anyo, hanggang sa umabot ito sa daigdig ng tao. Ngunit ang huling dugtungan sa pagitan nito ay naputol. Ilan bas a inyo ang nakaalam na hindi Makita ng agham ang missing link? Alam n'yong lahat 'yan. Bakit? Ito na 'yon. Ang serpente.

117 Narito ang isang napakalaking nilalang. At bumaba ang Diablo. Ang sabi niya, "Hindi ko magawang magbigay ng inspirasyon." Ngayon, kapag nagtitingin ka sa mga babae at sa mga ikinikilos ng babae, alalahanin n'yo napapahiran ka ng Diablo, kung hindi mo iyon asawa! Ngayon, bumaba ang Diablo at lumukob siya sa serpente, at nasumpungan siya sa halamanan ng Eden si Eva na nakahubad. At may sinasabi itong bungangkahoy sa "gitna" at ang "gitna" ay nangangahulugan sa kalagitnaan at iba pa. Nauunawan n'yo…sa isang halong kongregasyon. At ang sabi niya, "ito'y kaaya-aya. Ito'y maganda sa paningin."

118 Ano ang ginawa niya? Nagsimula siyang makipagtalik kay Eva. Nakisama siya sa kaniya bilang asawa. At nakita niyang iyon ay kaaya-aya, Kaya't sinabi niya iyon sa kaniyang asawa, ngunit nabuntis na siya ni Satanas. At isinilang ang panganay niyang anak na ang pangalan ay Cain, ang anak ni Satanas.

119 "Ngayon," sasabihin mo, "mali 'yan." O siya, titingnan natin kung mali nga ba ito o tama. "At pag-aalitin Ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpente." (Genesis 3:15) Ano? ANG BINHI NG SERPENTE! Mayroong binhi ang babae, at mayroon ding binhi ang serpente. "At susugatan Niya ang iyong ulo, at susugatan mo ang Kaniyang sakong." Ang sugat ay nangangahulugang maghandog ng hain para sa katubusan.

120 Ngayon, hayan ang inyong binhi ng serpente! Ngayon ay pansinin, narito ang dalawang lalaking ito.

Ngayon ang serpenteng ito, nang tumayo siya roon…ang napakalaking higanteng ito ay tumayo roon. Nagkasala siya ng pakakiapid sa sawa ni Adan. Nasaan ba ang kasalanan ngayon? Ano ba ang dahilan at nagkaganito ang mga bagay-bagay ngayon? (Ngayon, tiyak na nasasapo ninyo kung ano ang ipinangungusap ko.) At nang mangyari iyon, tinawag ng Diyos si Eva't Adan. At ang sabi niya, "Nakahubad ako."

121 Ang sabi ng Diyos, "Sino ang nagsabi sa inyo na kayo'y hubad?" At nagsimula silang magsisihan gaya ng ginagawa ng mga sundalo.

Ang sabi niya, "Buweno, ang babaeng ibinigay mo sa akin ang may kagagawan nito. Siya ang humimok sa akin."

122 At ang sabi niya, "Binigyan ako ng mansanas ng serpente." O sige, mangangaral, matauhan ka sana. Ang sabi ng babae, "dinaya ako ng serpente!" Alam ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng "dinaya?" Ang ibig sabihin nito ay dinungisan. Hindi siya binigyn ng mansanas ng Diablo! "Tinukoso ako ng serpente." At noon dumating ang sumpa.

123 Ang sabi niya, "Dahil nakinig ka sa serpente sa halip na sa iyong asawang lalaki, ay inalis mo ang buhay sa sanlibutan; at ngayon ay pararaihin mo ang iyong kapighatian, ang iyong paglilihi ay sa iyong asawang lalaki," at iba pa. At dahil nakinig ka sa iyong asawa sa halip na sa Akin— sa alabok ka nagmula at ginawa kitang pinakamataas na uri— muli kang magbabalik sa alabok." "At ikaw serpente, dahil ginawa mo iyan, mawawala ang iyong biyas, at sa iyong tiyan ay gagapang ka sa lahat ng mga araw ng iyong buhay. At ika'y kamumuhian, at alabok ang magiging pagkain mo."

Hayan na. Hayan na ang missing link! Ngayon ay heto naman si Cain. Pagmasdan natin ang kanilang kalikasan.

124 Heto si Cain. Ano ba siya? Isa siyang taong negosyante. Binubungkal niya ang kaparangan. Mahusay, matalino, napakarelihiyoso. Masdan n'yo ang kaniyang katangian. Samahan n'yo ako sa loob ng ilan pang minuto. Dito'y lumabas siya. Alam niyang isa siyang taong may moralidad. Nais niyang magsimba. Gumawa siya ng isang simbahan, nag-alay siya ng hain, nagtayo